

# SAKA DUMATING SI JESUS AT TUMAWAG



San Juan, sa ika-11 kabanata, simula sa ika-18 talata, nais kong bumasa.

*Ang Betania nga'y malapit sa Jerusalem, na may layong labing-limang estadio:*

*At marami sa mga Judio ang nangakaparoon na kay Marta at kay Maria, upang sila'y aliwin tungkol sa kanilang kapatid.*

*Si Marta nga, nang marinig niyang si Jesus ay dumarating, ay yumaon at sumalubong sa kaniya: nguni't si Maria ay nanatiling nakaupo sa bahay.*

*Sinabi nga ni Marta kay Jesus, Panginoon, kung ikaw sana'y narito, disin ang kapatid ko ay hindi namatay.*

*At ngayon man nama'y nalalaman ko na, anoman ang hingin mo sa . . . Dios, ay ipagkakaloob sa iyo ng Dios.*

*Sinabi sa kaniya ni Jesus, Magbabangon uli ang iyong kapatid.*

*Si Marta ay nagsabi sa kaniya, Nalalaman ko na siya'y magbabangon uli sa pagkabuhay na maguli sa huling araw.*

*Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang pagkabuhay na maguli, at . . . kabuhatan: ang sumasampalataya sa akin, bagama't siya'y mamatay, gayon ma'y mabubuhay siya;*

*At ang sinomang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay magpakailan man. Sinasampalatayanan mo baga ito?*

*Sinabi niya sa kaniya, Oo, Panginoon: sumasampalataya ako na ikaw ang Cristo, ang Anak ng Dios, sa makatuwid baga'y ang naparirito sa sanglibutan. (At masdan n'yo 'yan!)*

*At nang masabi na niya nang gayon, ay yumaon siya, at tinawag ng lihim si Maria na kapatid niya, na sinasabi, Ang Guro ay narito, at tinatawag ka.*

<sup>2</sup> Manalangin tayo. Makalangit na Ama, Iyong patotohanan ang mga Salitang ito sa aming mga puso, ngayong gabi, habang kami'y nagsisipaghintay sa Iyo ngayon. Ang Iyong Salita, ang Iyong lingkod, at ang teksto, ay ipinapaubaya naming lahat sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Makakaupo na kayo.

<sup>3</sup> Ang layunin ko kung bakit naparito ako ay sinisikap kong makatulong sa mga hinirang ng Diyos. Hindi lang 'yung para makapanalangin, at mapatungan ng kamay ang mga maysakit, kundi para makilala nila si Jesus Cristo sa ating kalagitnaan, ang Anak ng Diyos sa ating kalagitnaan. Mangungusap tayong sa gabing ito patungkol sa paksang ito: *Saka Dumating Si Jesus At Tumawag*.

<sup>4</sup> Ngayon itong panahong ito na ipinangungusap natin, isa nga itong napaka lungkot na panahon. Kung nabasa n'yo na noon ang kuwento ng buhay ng ating Panginoon, makikita n'yo nga riyan na Siya'y napakabuting Kaibigan ng binatang ito, na si Lazaro. Siya ay... Panahon na ito nung yumao na si Jose, o, umalis Siya't nanirahan kasama sina Marta, Maria, at Lazaro. At sila nga'y mabubuting magkakaibigan. Mayroon silang... para Siyang pastor sa kanila, isang—isang tunay na Kaibigan. At ginawan nila Siya ng kahit paano'y maisusuot, balabal na maisusuot, sa paniwala ko, sabi nila, at 'yung pagkakatahi nun ay 'yung bang walang dugtungan. At mangyari ngang marami silang ginawang mga bagay para sa Kanya, dahil naniniwala sila sa Kanya. Mangyari ngang sila'y—sila'y nananampalataya at nakita nila 'yun. Iniwan nila ang iglesya, at ang iba pa, para sumunod sa Kanya. At napakabigat na bagay 'yun noong mga panahon na 'yun, na maaaring kamatayan pa nga ang parusa, sa—sa paglabas dun.

<sup>5</sup> Pero, si Jesus, ang Lalaking ito na lumilibot daw ayon sa kanila, winawasak daw ang mga iglesya nila, at kung anu-ano raw na masasamang bagay ang sinasabi patungkol sa saserdote nila, at—at sari-sari pa, na Siya raw—Siya raw ay malaking perwisyo sa kanila, sa palagay nila. At—at kaya naman kahit simpleng pagpapahayag lang sa Kanya ay—ay mapapalayas ka na sa mga sinagoga. At pagkatapos kung wala ka na sa iglesya, ano raw—ano raw wala—wala kang pag-asa na maligtas. Kung di ka raw kabilang sa isa sa mga sekta nila, gaya nung Fariseo, Saduceo, o kung ano, wala raw kaligtasan kung nasa labas ka nun. At nasa kanila nga lang daw ang karapatan, ang mga susi, at maaari ka nilang basta na lang sipain palabas kung gustuhin nila. Ganoon ang sinasabi-sabi nila. Kaya naman walang duda na sinabi ni Jesus, “Kayo, dahil diyan sa inyong sali't-saling sabi, niwawalang kabuluhan ninyo ang Salita ng Diyos.” Kita n'yo?

<sup>6</sup> At ngayon nauulit na naman 'yan uli, 'pagkat alam naman nating inuulit ng kasaysayan ang sarili nito nang uli't uli. At ito'y—ito po'y nakakalungkot sabihin, pero inihula na ito noon pa man na mauulit ito, at nauulit nga ito uli.

Makikita natin na hindi maganda ang tingin ng mga tao kay Jesus.

7 Kadalasan, ang mga tao'y nakahiligan na nilang husgahan 'yung tao na hindi sumasang-ayon sa kanila. Hindi natin dapat ginagawa 'yung ganun. Maaari namang di tayo nagkakaayon-ayon sa isa't isa, pero kahit ganoon ay magiliw pa rin dapat. Kung di maiwasan na di ako sang-ayon sa isang tao, at gusto ko'y tuluy-tuloy ang pagmamahal ko sa kanya at pananalangin sa kanya, at 'yung di ko pagsang-ayon sa kanya ay naka- . . . ay nakabatay naman sa Kasulatan, at kung para rin sa higit na kaliwanagan, kung gayon ay hindi ako magsasalita ng anumang laban sa kanya. Di man ako sang-ayon sa kanya'y gagawin ko 'yun sa tuwina, na magiliw lagi, dahil mahal ko siya, at tunay ngang ayaw ko—ko namang mapahamak siya. At ganoon din dapat ang gagawin niya sa akin; ayaw naming mapahamak ang isa't isa. At dapat naming ibatay ang mga kaisipan namin sa kung anong sinasabi ng Salita. Hayaang ang Salita ang siyang maging katotohanan. Hindi 'yung kredo namin o kung anong kaisipan namin, kundi kung ano 'yung sinasabi Niya; walang buhat sa sariling pagpapaliwanag, haya't kung ano lang ang sinabi ng Salita.

8 Nung isang gabi, may ginawa ako't para bang pamumusong 'yun halos, sa pagkaka-alala ko sa isang agahan po ito ng mga ministro nung isang umaga. Iniharap ko sa isang paglilitis si Jesus. Sabi ko, "Kagaya ng ginawa nila noon, gayundin ang ginagawa nila ngayon." Siguro'y mainam kung uulitin ko 'yan kahit kaunting sandali, kung may oras pa tayo. Ngayon, sabi ko, ngayon nalaman natin na . . .

9 Noon sa repormasyon ni Luther, kanyang, sa panahon na 'yun, kanyang sinabi na ang mga ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya. "Taong sumasampalataya, siya'y, taglay niya Ito." Pero nalaman natin na marami sa kanila na nagsasabing sila nama'y sumasampalataya, at hindi naman nagtamo Nito.

10 Sa panahon ni—ni John Wesley, noong matamo nila 'yung ikalawang pagpapala, ang tawag nila dun, pagpapaging-banal, ganap na pagbabanal, sila'y nagalak at nagsigawan. "Ang lahat ng nagsigawan, nagtamo Nito." Pero nalaman nilang hindi sila nagtamo Nito. Marami sa kanila'y nagsigawan, at hindi naman sila nagtamo Nito.

11 Sa panahon ng Pentecostes, sabi nila, "Ngayon dumating na ang pagpapanauli ng mga kaloob, ang bautismo ng Espiritu. Sinuman na nagsasalita sa iba't ibang wika, ay nagtamo Nito." Nalaman nating marami riyang nagsalita sa iba't ibang wika, at di naman nagtamo Nito.

12 Haya't sinasabi nila, "Buweno, bunga ng Espiritu, ito na nga Ito." Oh, hindi, hindi bunga ng Espiritu. Yung Christian Science nga mayroon di naman sila, na doon nga'y . . . Pag-ibig ang bunga ng Espiritu. Mangyari ngang, haya't sila na ang may

pinakamaraming pag-ibig kumpara sa iba, at kaso itinatangi naman ang pagka-Diyos ni Jesus Cristo; ang tawag sa Kanya'y isang propeta lang, ordinaryong tao lang. Kita n'yo? Kaya hindi 'yun 'yun.

<sup>13</sup> Hayaan n'yong usisain ko lamang 'yan sa mga sandaling ito. Dalhin natin si Jesus sa isang paglilitis. At patawarin ako ng Diyos sa pananalitang ito, dito sa entablado, pero ako'y magiging laban muna sa Kanya sa mga sandaling ito, para lang dalhin kayo sa Kaliwanagan. Kita n'yo?

<sup>14</sup> “Ngayon tinipon ko kayong madla sa gabing ito; ako'y may ipangungusap sa inyo. Ako'y. . .” (Nasa ibang panahon po raw ito, noong si Jesus na taga-Nazaret ay narito pa noon sa lupa.) “Naparito ako sa inyo, at para magbigay katuturan sa inyo laban sa taong ito, na si Jesus na taga-Nazaret. Ngayon alam nating lahat na ang Diyos ay pag-ibig. Sinasabi ng Biblia Siya nga. Sige, at ang pag-ibig, ang Espiritu ay pagpapahinuhod, kagandahang-loob, pagtitiis, kaamuan, at iba pa, at pag-ibig. Ngayon sinasabi ko, may bagay ako ritong nais itanong sa inyo. Kunin naman natin itong—itong isa na alam nating, isang Cristiano.

<sup>15</sup> “Tingnan n'yo itong matandang saserdote n'yo. Ang kalolo-lolo-lolo-lolohan niya'y saserdote. Kinakailangan nga niyang maisilang sa lahing 'yun ng mga Levita, para maging isang saserdote. Nalaman din natin, ngayon, na ang buhay niya'y di tulad ng iba pa sa inyo na mga ordinaryong kabinataan lang. Anong ginagawa niya? Nagpapakasakit siya, nasa isang dako siya't pinag-aaralan ang Salita, ang Salita ng Diyos. Kanya talagang sinasaliksik ito, araw-gabi, araw-gabi, kinakailangan ngang kabisado niya ang bawat letrang naroon, bawat salitang naroon sa balumbon ng aklat na 'yun. Kinakailangan ngang kabisadong-kabisado niya 'yun sa kanyang puso. Kanyang—kanyang, kung may anong bagay tungkol dun ay dapat ngang alam niya 'yun.

<sup>16</sup> “At saka, maliban pa riyan, noong ikasal ang tatay at nanay n'yo, sino ang nagbuklod sa kanila bilang mag-asawang lalaki't babae? Ang inyong banal na matandang saserdote nga. Sino ang sumaklolo sa inyong tatay noong mangailangan siya't may ilang pagkakautang na salapi sa kanyang bukid, na haya't babawiin na sana 'yun ng mga pinagkakautangan niya? Sino ang tumayo sa tabi niya? Ang inyong mabait na matandang saserdote nga. Sino ang tumayo sa tabi ng inyong nanay sa silid noong ipinanganak kayo ng nanay n'yo? Mabait na matandang saserdote nga. Sino ang nagpupunta sa inyo kapag may sakit kayo at nangangailangan? Ang inyong mabait na matandang saserdote nga. Sino ang nagbasbas sa inyo at naglagak sa inyo sa Diyos, at nagtuli sa inyo sa ikawalong araw? Ang inyong mabait na matandang saserdote nga. Noong maghihiwalay na sana sa diborsyo ang tatay at nanay n'yo, sino ang naging daan para magkabalikan uli sila, magkapisan uli sila? Ang inyong

mabait na matandang saserdote nga. Kapag may kaguluhan sa inyong lugar, sino ang nag-aayos nito? Ang inyong mabait na matandang saserdote nga. Siyanga.

<sup>17</sup> “Ngayon ang mabait na matandang saserdote na ito’y alam niya na sinasabi ng Biblia na ang hinihingi ng Diyos ay isang kordero bilang gawing hain. Marami sa inyo rito’y may kanyakanya kayong pinagkakaabalang negosyo, kaya di na kayo nakakapag-alaga pa ng tupa, gayong ang hinihingi ng Diyos ay isang tupa. Kaya naman nagsipagtayo sila roon ng maliliit na tindahan, nagtitinda sila roon ng mga tupa para ’yung—’yung mga negosyante’y may mapuntahan at mapagbilihan ng tupa, na maihahandog nilang hain para sa kanilang kaluluwa, na Diyos naman ang humihingi.

<sup>18</sup> “Anong ginawa ng binatang ito, na tinatawag nilang Jesus? Saan ba siya nagmula? Ang bulung-bulungan ay isinilang daw siya, sa pamamagitan ng isang birhen. Sino kayang makikinig sa ganoong kalokohan? Alam nating ipinagbubuntis na siya ng nanay niya bago pa ’yung nanay niya’t si Jose’y magsilang, o, ’yung nanay niya’t si Jose’y maikasal, naisilang na siya agad. Ngayon nalaman nga natin na ’yung kanyang—’yung kanyang reputasyon ay napaka pangit, sa simula pa lang.

<sup>19</sup> “Ano bang card ng pakikianib ang mayroon siya? Kung lalaking banal siya talaga, anong grupo ang kinaaaniban niya? Samantalang ang saserdote n’yo ay subsob sa kaaaral, kaaaral, kaaaral, kaaaral, para malaman ’yung Salitang ’yun; tapos heto siya’t darating na lang dun, wawasakin ’yung bagay na itinayo niya. Matatawag n’yo ba ’yung ‘Diyos’? Aba’y hindi talaga.

<sup>20</sup> “Ngayon, nung isang araw, noon nga’y may ipinatayo roong puwesto ang saserdote n’yo, na . . . at doon nga’y makakabili sana kayo ng maihahandog n’yong hain, aba’y anong ginawa ng binatang ito? Kabaitan ’yun? Pinaghahampas niya, nagkumpol siya ng ilang lubid, may kasama pang bantok at pinatuyong balat ng hayop, at tiningnan ang mga tao, na talagang galit na galit; pinagsisipa hanggang magtauban ’yung mga lamesa dun, at pinaghahampas ’yung mga tao palabas dun. At matatawag n’yo ba ’yung mga bunga ng Espiritu, na titingnan sila dun, na galit na galit? At, tingnan n’yo nga, ipinagkakait sa tao ’yung pagkakataon na makakasamba na sana siya kay Jehovah! Yung negosyante dun gusto niya sanang makasamba sa Kanya; di siya nakakapag-alaga ng mga tupa, at kaya sumadya nga siya roon para makabili sana. At pinagtataob naman Niya ito, at pinagsisipa sila, at itinaboy sila palabas.”

<sup>21</sup> Sino ngayon diyan ang nagtataglay ng bunga ng Espiritu? Kita n’yo? Hayan nga. Kita n’yo, hindi nga bunga ng Espiritu, hindi pagsasalita ng iba’t ibang wika, hindi pagsigaw.

22 Sasabihin n'yo, "Kung ganoon, Kapatid na Branham, ano ang katunayan? Ano ang katunayan?" Ang pagpapatibay ng Salita sa kasalukuyang panahon.

23 Nariyan naman na sa kanila noon ang Biblia. Eksakto naman Siya sa kung ano ang sinabi ni Jehovah na mangyayari. Hindi na nga Nito kailangan pa ng anumang pagpapaliwanag. Ipinaliwanag na Ito doon pa lang. Nariyan naman na sa inyo ang mga saserdote, nariyan na sa inyo ang lahat ng kailangan n'yo, at ang lahat pa nga'y inuulit nang inuulit na't lahat na, pero bigo pa rin silang makita-kita ang Salita. At Kanya ngang binuhay ang Salitang 'yun para sa kapanahunang 'yun. Iyon ang katunayan para sa panahong 'yun.

24 Taglay ni Luther ang katunayan para sa panahon niya, si Wesley sa panahon niya, ang Pentecostes sa panahon nito, pero nasa panibago na tayong panahon. Yung mga bagay na 'yun ay mainam naman. Pero gaya nga sa sanggol, nagkaka-daliri siya, mata, at ilong, pero paglao'y magiging ganap na tao na siya. Magiging isa na—isa na siyang ganap na bata; tapos isisilang, may kaluluwa, katawan, espiritu, nakakakilos-kilos na.

25 Ngayon nalaman natin, na ang lahat ng ito, si Jesus ang naghayag, at kakaunti lang, yaon lamang mga itinalaga Niya sa Buhay, ang nakakita sa Kanya. Hindi laksa-laksang tao; 'yung mga tao dun sa Kanya'y di kailanman magiging tulad dun sa mga tao kay Caifas. Aba, magagawa ngang tawagin ni Caifas ang buong bansa para magsama-sama. Ang tinawag ni Jesus na magsama-sama ay kakaunti lang. Hindi marami ang may kilala sa Kanya. Libo-libong makalibo na ang tao noon, nung narito Siya noon sa lupa, lumakad Siya rito sa lupa, at wala ngang kamalay-malay ang mga tao noon na narito pala Siya.

26 At magiging gayundin ito muli! Darating Siya dun sa mga tinawag patungo sa Buhay. Batid Niya kung sino ang tinawag patungo sa Buhay. At di Niya... Tungkulin Niya na asikasuhin 'yun.

27 Ngayon napansin natin na pagkatapos nun ay lumabas sila sa iglesya, at sila nga'y sumasampalataya sa Kanya. Lahat kasi ng sinasabi ng Salita patungkol sa Kanya, hayan nga sa Kanya.

28 At isang araw ay nilisan Niya ang kanilang tahanan. Nais kong mangusap tungkol sa tatlong bagay: lumisan si Jesus; dumating ang kamatayan; at lahat ng pag-asa'y naglaho. Nais kong mangusap patungkol sa tatlong bagay na 'yan sa loob ng ilang minuto.

29 Lumisan si Jesus. At nung lumisan Siya, biglang pasok naman ang problema. Ngayon sa puntong lilisanin ka Niya, o ang tahanan mo kung saan ka nakatira, doon dumarating ang problema. May bukas na pintuan si Satanas kapag lumilisan si Jesus.

30 Umalis nga Siya, at—at pagkaalis na pagkaalis Niya, saka biglang pasok ang kamatayan. At sa tuwing lalabas si Jesus, pumapasok naman ang kamatayan. Ang mahiwalay sa Kanya ay kamatayan, kaya pumasok ang kamatayan nung lumabas si Jesus.

31 At umaali-aligid na noon ang kamatayan kay Lazaro. At Yaong kanilang sinasampalatayanan at iniibig, pinasundo nila Siya para maipanalangin si Lazaro, dahil nakita nila Siya at batid nilang kilala Niya ang Diyos, na, “Anuman, sa Diyos. . .” Si Marta nga’y nabanggit niya ito, “Anuman ang sabihin Mo sa Diyos ngayon, ay gagawin iyon ng Diyos.” Napagkilala niya na Siya at ang Diyos ay Iisa. Siya ang Salita para sa oras na ’yun, haya’t napagkilala niya ’yun. At alam niya, kung makakaharap lang niya sana Siya, ang kaso umalis naman Siya’t di nila Siya magawang makaharap. At pinasundo nga nila Siya, at, sa halip na dumating Siya, lalo pa Siyang lumayo. At kaya’t pinasundo na naman nila uli, at, sa halip na dumating Siya, lalo pa Siyang lumayo.

32 Kung minsan iniisip natin bakit kaya nangyayari ’yung ganoong mga bagay, pero hindi ba’t sinasabi ng Kasulatan na, “Ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Diyos”? Alam nga Niya ang Kanyang ginagawa. Kung iantala Niya, ayos lang. Alam Niya ang Kanyang ginagawa. May dahilan kasi.

33 Makikita nga natin ’yung sinabi Niya, dito sa San Juan 5:19, “Katotohanan, katotohanang, sinasabi Ko sa inyo, hindi makagagawa ng anuman ang Anak sa Kanyang Sarili, kundi ang makita Niyang ginagawa ng Ama.”

34 Sinabi sa Kanya ng Ama na lumisan, at magpakalayo nang maraming araw. Pagkatapos na matupad na ang mga araw na ’yun, saka Niya sinabi ’yung Kanyang sinabi, na, “Si Lazaro na ating kaibigan ay natutulog.”

At sabi nung alagad, “Buweno, siya’y gagaling pala.”

35 Sabi Niya, “Patay na siya. At dahil sa inyo ay ikinagagalak Kong wala Ako roon.” Dahil, sinusubukan nga nilang ipasundo Siya para papuntahin sa kanya, para pagalingin siya o sabihin kung ano bang nararapat gawin. Pero batid nga Niya kung ano ang nararapat na gawin, kaya ginawa Niya nang eksakto ’yung kung ano ’yung naitalaga sa Kanya na gawin: magpakalayo. Kung mapapansin n’yo Siya dun sa libingan nung bumalik na Siya. Nabanggit nga Niya ’yun nung bumalik Siya’t makitang ganoon ang kalagayan ng tahananang ’yun.

36 Naglahong lahat-lahat ang pag-asa. Namatay nang tuluyan si Lazaro. Bawat oras, iniisip-isip pa rin nila, “Baka sakaling darating na Siya rito. Baka sakaling darating na Siya rito. Baka ngayon babalik na Siya.” Di naglaon, namatay na siya, binunutan na siya ng hininga.

<sup>37</sup> Humayo sila, inembalsamo siya, inalis nang tuluyan 'yung dugo sa katawan niya, binalot siya ng kayong lino, pabango, at inembalsamo siya at inihimlay sa libingan, hinarangan ng bato ang libingan, na kinaugalian ng tao sa paglilibing noong mga panahong 'yun. May butas sa lupa, marahil sa batuhan lang, at hinarangan nila ng bato 'yung ibabaw nun, ganun ang kanilang kinaugalian.

<sup>38</sup> Unang araw lumipas, ikalawang araw lumipas, ikatlong araw lumipas, ikaapat na araw lumipas, naaagnas na 'yung tao sa loob ng libingan. Natuklap na marahil 'yung ilong niya. Yun kasi, sa palagay ko ang unang bahagi na natutuklap, 'yun pong ilong. At naaagnas na siya. Yung—'yung laman niya'y balik alabok na, ng lupa, o papunta na roon. Yung kaluluwa niya'y apat-na-araw nang naglalakbay sa kung saan, sa labas niya.

<sup>39</sup> Ang lahat ng pag-asang makikita pa siyang muli, sa buhay na ito, ay naglaho na. At nung maglaho na nang tuluyan ang lahat ng pag-asa. . . Sila nga'y naghintay, "Siguro darating na Siya sa unang araw, ikalawang araw!" Hindi. Pagkatapos ay tuluyan na siyang namatay, at di Siya dumating. Pagkatapos nun saka pumasok ang desperasyon.

<sup>40</sup> Pagkatapos nun may nagsabi marahil sa kanya roon, "Nasa labas ang Panginoon." Hayan nga't napasugod talaga si Marta sa lansangan!

<sup>41</sup> Si Jesus nga'y dumating sa madilim na oras na 'yun noong maglaho na nang tuluyan ang bawat pag-asa. Sa ganoong oras Siya kadalasang dumarating. Kita n'yo? Dumarating Siyang sadya dun sa pinakamadilim na oras, dun nga nagpapakita si Jesus sa eksena.

<sup>42</sup> Ngayon masdan n'yo, dumating Siya at tinawag si Marta. Ang Kanyang Presensya'y nagdadala ng bagong mga pag-asa. Kahit na patay pa 'yang binata na 'yan, haya't ang Kanyang Presensya'y nagdadala roon ng bagong mga pag-asa.

<sup>43</sup> Marahil sa pagkakaupo mo rito ngayong gabi, kaibigan ko, sinukuan ka na ng mga doktor, dahil sa kanser, sakit sa puso. Marahil nariyan ka sa silyang 'yan, pilay, buong siyensiya na mismo ang nagsasabing wala ka na raw kapaga-pagasa; 'yung deposito raw ng calcium ay—ay kinulumpol nun 'yung—'yung —'yung buto-buto mo, na di mo na tuloy 'yun maibaluktot pa. O, marahil naman 'yung—'yung puso mo'y palyado na raw, sabi ng doktor puwede ka raw mamatay anumang minuto. Oh, at napakaraming tao na may kanser at TB, siguro'y nasa huling pag-asa na kayo, at para bang tinataningan na kayo ng doktor. Pero magkagayon man, 'yung mapasa Presensya ka't natatalos mo ang Presensya ni Jesus Cristo, nagdadala 'yun ng pag-asa uli.

<sup>44</sup> May bigla na lang magsasabi sa iyo nun. Marahil di mo pa 'yun naririnig kahit kailan, pero bigla na lang may magsasabi, "May alam akong iglesya, nananampalataya sila roon sa Diyos



at nananalangin sila para sa mga maysakit,” biglaan nga ‘yun (Haya’t, nakahanda ka na ngang mamatay nun. Kita n’yo?), tapos siyang pagsibol naman ng bagong mga pag-asa. Ganoon nga sa tuwina. Sa madilim na oras na ‘yun, dun nga kadalasang may biglang magsasabi tungkol dito, may magsasabi sa inyo tungkol kay Jesus. Ang Kanyang Presensya nga’y nagdadala ng bagong mga pag-asa.

<sup>45</sup> Nawa’y mangyari uli ‘yan ngayong gabi, gaya ng nangyari kagabi. Yan ngang makikita natin ang pinagtibay na Salita na lampas sa anumang anino ng pag-aalinlangan, na nahahayag na, at nagpapatunay na ang Jesus na ‘yun na nabuhay labing-siyam na raang taon ang nakalilipas, na namatay sa Kalbaryo, bumangon sa ikatlong araw, at nagpakita sa mga alagad na naroon at minulat ang kanilang mata, at nagbigay ng pangako para sa panahong ito, ay haya’t narito ngayon sa gabing ito sa ating harapan, nagdadala ng mga pag-asa sa mga tao. Bagong mga pag-asa na nagliliwanag.

<sup>46</sup> Marahil may magsasabi, “Ang iglesya’y para bang tuyung-tuyo sa mahabang panahon. Wala tayong maganda’t sariwang tubig sa loob ng—ng—ng ilang mga buwan na rin. Wala tayong rebaybal man lang. Para bang tigang ang bawat isa, o parang ganun. Nagsisipunta lang tayo ng simbaha’t aawit ng himno, at—at makikinig ng ilang mensahe at uuwi na lang basta.” Pero bigla-bigla na lang, pagkatapos, sa mga sandaling papunta na tayo sa pagkatuyo, saka naman dumarating si Jesus sa eksena, pinapanariwa tayo, naghahatid ng isang bagay na bago sa atin. Siya’y nariyan sa tuwina para gawin ‘yan. Dumarating ang bagong mga pag-asa kapag—kapag dumarating si Jesus. Ang Kanyang Presensya’y nagdadala ng bagong pag-asa.

<sup>47</sup> Batid nga niya na Siya yaong nahayag na Salita ng Diyos. Nakita niya ang kapanahunang ‘yun. O, kung hindi, o di sana’y Orthodox pa rin siya. Kabilang pa rin siya sana dun sa iglesya. Pero nakita nga niya ang ipinangakong Salitang ‘yun. Nakita niya ang ipinangakong Salita na Kanyang ipinamalas at batid niyang Siya ang buhay na Salitang ‘yun. At nung mabalitaan nga niya ang tungkol dito, hindi niya inalintana marami man ang nambabatikos sa kanya, o anuman, sinalubong niya Siya nang simbilibis na makakaya niya. Kita n’yo? Batid niya kasing Siya yaong Salitang nahayag.

<sup>48</sup> Walang duda’t haya’t nabasa niya ‘yung kuwento ni Elias nung kapanahunan nung lalaking ‘yun. Ngayon, ‘yung lalaking ‘yun ang nahayag na Salita ng Diyos nung panahong ‘yun. Isa siyang propeta, at dumarating ang Salita ng Panginooon sa propeta. At doon noo’y may isang babae, na may munting anak na ibinigay sa kanya sa pamamagitan ng isang pagpapalang iginawad sa kanya nung propeta, at ‘yung bata ngang ‘yun ang isinilang nung babae.

49 Isang araw, bandang alas onse, inatake 'yung bata ng tindi ng sikat ng araw. Naroon kasi siya sa bukid kasama nung tatay niya, walang sinasabing ganun sa Biblia, na dahil 'yun sa tindi ng sikat ng araw, pero bigla na lang napadaing 'yung bata, "Ulo ko! Ulo ko!" bandang alas onse 'yun ng tanghali. At may katulong sila dun, na inutusan nung tatay, na iuwi 'yung bata. Nahiga 'yung bata sa kandungan ng kanyang nanay hanggang mag-tanghali, tumindi nang tumindi ang sakit, at pagkatapos ay tuluyan nang namatay.

50 At ngayon, sa halip na mawalan ng pag-asa, 'yung...lahat ng mga kapitbahay ay napasugod dun nagsisigawan at kung anu-ano pa, pero ang matatag na nanay, patay man ang anak niya, dinala niya 'yung bata sa munting silid na inilaan niya noon sa propeta, at inihimlay ang bata sa higaan nung propeta, nang paganoon. At sabi niya sa katulong, "Siyahan mo ako ng isang mola, at magpatakbo ka nang dire-diretso, at huwag na huwag kang titigil malibang sabihin ko sa iyo." Oh, grabe! Ganoon nga!

51 Wala tayong panahon para pagdebatehan pa 'yun at mag-abala. Lampas na 'yung ganun sa panahon ngayon. Sumulong tayo. Kailangan nating makarating dun. May pangangailangan tayo.

52 At kaya sinabi nung nanay, "Sumulong ka, at huwag mong pabagalin ang iyong pagpapatakbo maliban na iutos ko sa iyo." At humayo sila hanggang sa makarating sila kay Elias.

53 Si Elias, bilang tao ng Diyos, di tulad ni Cristo; nalalaman kasi ni Cristo ang lahat ng mga bagay, dahil Siya ay Diyos. Si Elias ay isang bahagi lang ng Diyos. Si Cristo na nakay Elias. At 'yun ang mensahe para sa panahong 'yun, dahil ang Salita ng Panginoon para sa oras na 'yun ay taglay ng propetang 'yun.

54 Si Jesus ang kapuspusan ng lahat ng mga propetang 'yun, bawat isa sa kanila'y inihahayag lang Siya. Ganoon nga. Mula kay Joseph, mula dun sa tatlumpung putol ng pilak na 'yun, sa lahat ng dako, kanyang—kanyang inilarawan si Cristo. Maging si Moises!

55 Si David, na naroon sa ibabaw ng burol na isang haring tinanggihan, umiiyak dahil siya'y tinanggihan. Walong daang taon ang makalipas pagkatapos nun, ang Anak ni David ay pumaroon sa isang burol. Hayan nga ang Espiritu ni Cristo na naroon kay David doon. At Siya...Grabe! Siya'y kapwa Ugat at Supling ni David. At hayan ngang naroon Siya sa may burol, umiiyak, isang tinanggihang Hari, "Jerusalem, Jerusalem, makailang inibig Kong tipunin ka, na gaya ng inahing manok sa kanyang mga sisiw." Ano 'yun? Si Cristo 'yun nung panahon na 'yun doon.

56 Si Cristo nga 'yun na umiiyak noong isulat ni David ang himnong 'yun, "Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan? Lahat ng Aking mga buto, kanilang minamasdan Ako. Binutasan nila

ang Aking mga paa at Aking mga kamay. Hinapak nila ang Aking mga kasuotan sa gitna nila. Kanilang pinagsapalaran ang Aking kasuotan.” Si Cristo nga ’yun na nagsasalita sa loob ni David. Siyanga. Siya ang kahayagan ng Salita. Dumating si Cristo upang tuparin ang mga bagay na ’yun na sinalita sa pamamagitan ng mga propeta, ’pagkat ang Salita ay nasa mga propeta.

<sup>57</sup> Sinabi Niya ’yun sa pag-aaral kagabi, na Siya’y dumating upang tuparin kung ano ang sinabi ng mga propeta patungkol sa Kanya, ’pagkat nasa kanila ang Salita. At si Elias nga’y propeta ng Diyos, ang Salita para sa panahong ’yun.

<sup>58</sup> Kaya naman nanatili ang babaing Sunamita kasama nung propeta hanggang sa pumaroon ’yung propeta’t ipinamalas ang kapangyarihan ng Diyos, at dumapa mismo sa ibabaw ng bata, at ’yung bata’y nabuhay.

<sup>59</sup> Ngayon si Marta’y napagkilala niya marahil ito, bagamat naging abala siya noon sa pag-aasikaso ng bahay, paghuhugas ng pinagkainan, at iba pa. Pero sa puntong ’yan ay ipinakita niya ang kulay niya. Ipinakita niya talaga kung ano ’yung nasa kalooban niya. Nagmadali nga siya para sunduin Siya. Kung ang Diyos ay nakay Elias noon, tiyak na ang Diyos ay nakay Cristo, dahil pinatunayan Niyang Siya ang Personang ’yun. Amen. Gustong-gusto ko ’yun, ’yung ganoong pagpupursige! Pumunta siya sa Kanya. Kinailangan niyang makapunta sa Kanya. At nasumpungan nga niya, nung masalubong na niya Siya—Siya; ngayon tandaan n’yo, batid nga niyang di Siya kailanman nagbago, na di binabago ng Diyos kahit kailan ang palatuntunan Niya. Kung Siya’y nandun noon kay Elias at may kakayahang pabangunin ang patay, Siya’y nakay Cristo rin naman at may kakayahang ibangon ang patay, bagamat di pa Niya ginagawa, dahil siya ring Diyos ’yun din naman.

<sup>60</sup> At kahit mapasa hanggang ngayon ay di pa rin Siya nagbabago! Siya pa ring Diyos ngayong gabi gaya noon. Siya’y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Hindi Siya nagbabago.

<sup>61</sup> At alam Niya na alam niya na ito’y nasa Kanya. Masdan, sa ilang minuto pa lang ay pinatunayan na nun ’yun, nung sabihin niya sa Kanya ’yung tungkol sa kanyang kapatid, at sabi niya, “Panginnoon, ako—ako’y sumasampalataya na Ikaw nga.”

<sup>62</sup> At sabi Niya, “Ako ang Pagkabuhay na mag-uli at ang Buhay. Bagamat siya’y mamatay, gayunma’y mabubuhay siya. At ang sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay di mamamatay kailanpaman. AKO NGA.” Yun nga si AKO NGA na nasa nagniningas na kahoy, kasama ni Moises. “Ako ang Pagkabuhay na mag-uli. Ako ang Buhay. Ako ang Pader. Ako pa rin Siya. Ako ang Pagkabuhay na mag-uli at ang Buhay. Ang sumasampalataya sa Akin, bagamat siya’y mamatay, gayunma’y

mabubuhay siya. Sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin, ay di mamamatay kailanpaman.” Pagkatapos ng dakilang katiyakan na ’yun na tinamo niya, na Siya yaong ipinangakong Salita na ’yun; nung magwika Siya, bilang Propeta, Siya nga’y di maaaring magsinungaling; kaya naman Siya, nung sabihin Niya, “Ako Yaong AKO NGA. Ako nga Siya itong Pagkabuhay na mag-uli at Buhay.”

<sup>63</sup> Sabi niya, “Sumasampalataya ako na Ikaw nga Siya, ang Anak ng Diyos na darating sa sanlibutan. Bagamat patay na ang kapatid ko, nakahimlay na siya roon sa libingan, siya’y. . . ang katawan niya’y naaagnas na ngayon; gayunman ngayon, anumang sabihin Mo, ay mangyayari.” Tama!

<sup>64</sup> Gusto nga niyang marinig na Siya mismo ang magsabi nun! Amen. Oh, Marta, nasaan na tayo ngayong gabi? “Bigkasin Mo lang ang Salita; ang lingkod ko’y mabubuhay!” Yung marinig lang na Siya mismo ang magsabi nun! Marahil may nagsilapit na ilan dun sa kanya na sinasabi kung ano ang sinabi Niya, pero hayan na nga Siya na Siya Mismo. Oh Diyos, magbukas nawa ang paningin ng mga nabubulag, nang sila’y makakita! Haya’t Siya, sa Kanyang Presensya, sa tuwing binibigkas ang Salita, ito nga’y laging nagkakaroon ng katuparan.

<sup>65</sup> Sabi niya, “Anumang hingin Mo sa Diyos, ay ipagkakaloob sa Iyo ito ng Diyos. Iyong itulot lang na marinig ko ito!” Gusto niyang Siya mismo ang bumigkas ng Salita. Yun na ’yun ang gustong-gusto niyang marinig. Kunin lang ang Salita, ’yun lang ang kailangan niya, ang marinig nga Siya na magsabi mismo na gagawin Niya ’yun.

<sup>66</sup> At magagawa naman Niya sana dun mismo pa lang, pero, nakita n’yo, sa pangitain na ipinakita sa Kanya ng Ama, ay kinakailangang nakatayo Siya roon sa tabi ng libingan. Oh, grabe! Manghawakan ka lang sa iyong pananampalataya! Ang Diyos ang kumikilos upang ang lahat ng bagay ay malagay sa tama nitong pagkaka-ayos. Magiging maayos ang lahat. Basta’t maghintay lang na makarating siya sa libingan.

<sup>67</sup> Pansinin, magagawa naman niyang pasabihin na lang Siya kaagad, kahit na ang kalagayan niya’y para bang. . . Lahat ng pag-asa’y naglaho na, at walang-wala na talaga. Patay na siya, nabubulok na dun sa libingan, pero ang marinig lang na Siya mismo ang magsabi nun, ’yun lang naman ang gustong-gusto niyang makamit.

<sup>68</sup> Ngayon nung sabihin Niya, “Ako ang Pagkabuhay na mag-uli at Buhay,” sinampalatayanan niya ito. Sinampalatayanan niya ito. Ngayon pansinin po, ngayon ay kinailangan niyang manampalataya sa mga bagay na imposible, nung marinig niya Siyang sabihin, “Ako ang Pagkabuhay na mag-uli at Buhay. Bagamat siya’y patay na, gayunma’y mabubuhay siya, at ang sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindi na

mamamatay magpakailanman.” Sabi, “Sinampalatayanan mo baga ito?”

<sup>69</sup> At sabi niya, “Opo, Panginoon, sinampalatayanan ko ito. Sumampalataya akong Ikaw ang Anak ng Diyos na pumarito sa sanlibutan.” Gustong-gusto ko ’yan. Gustong-gusto ko ’yan.

<sup>70</sup> Ako—ako’y sinabi ko na ito noon. Pero napapanahon pa rin ito mapasa hanggang ngayon. Kausap ko ang isang babae di pa katagalan, sa isa po itong iglesya na nabanggit ko kanina, na di naniniwala na Siya ay Diyos, dun sa Kanyang Pagka-Diyos; isa lang daw Siyang propeta, isang ordinaryong tao.

<sup>71</sup> Siya namang talaga, totoo naman. Ganoon nga Siya, tapos Diyos. Kita n’yo, Siya ang kahayagan. Si Jesus ang katawan, ang Lalaking ’yun, ang Tao; Diyos naman ’yung nanahan dun sa Kanya. Ang Diyos ay sumasa Kanya. Siya ay Diyos-na-tao. Isa Siyang Tao, pero Siya’y Diyos na nahayag sa laman. Kapag nakita natin si Jesus, ang Diyos ang nakikita natin. Yun din naman ang sinabi Niya, “Kapag nakita n’yo ang Ama, o nakita n’yo Ako, ay nakikita n’yo na ang Ama.” Dahil, Siya ang naaninag, dahil Siya ang Salita, amen, na naroon na noon sa pasimula. Amen.

<sup>72</sup> Tinawag Niya ang mga propetang, “diyos.” Nalalaman n’yo ba ’yun? Sabi Niya, “Tinatawag ninyo silang ‘diyos’ na mga dinaratnan ng Salita ng Diyos. Papaano ninyo nagagawang hatulan Ako sa sinasabi Kong, ‘Ako ang Anak ng Diyos?’”

<sup>73</sup> Dahil nga, ’yung mismong Salita na ang nagsabi na Siya ay paroroon dun, at naroon nga’t ang Salita’y nahayag na muli. At kahit na ganoon na’y ayaw pa rin nila itong sampalatayanan.

<sup>74</sup> Sabi nung babae sa akin, “Mapatutunayan ko sa iyo.” Sabi, “Gusto ko namang naririnig kang nangangaral, pero may isang bagay ka na labis mong ginagawa.”

“Buweno, ano po ’yun?”

Sabi, “Masyado mong ipinagmamalaki si Jesus.”

<sup>75</sup> Sabi ko, “Umaasa akong ’yun lang ang bagay na mapupuna Niya laban sa akin sa pagparito Niya.” At sabi niya . . . Sabi ko, “Umaasa akong ’yun lang ’yung bagay na ano Niya, puna na makikita Niya sa akin.” Sabi ko, “Kung may sampung libo man akong dila, di ko pa rin masasabi nang sapat, oh, grabe, kung ano talaga Siya!”

Sabi niya, “Pero, iyong, iyo namang ginagawa Siyang Diyos n’yan.”

<sup>76</sup> Sabi, “Siya nga naman talaga. O, kung hindi Siya ganoon, ay Siya na ang pinakamalaking manlilinlang na lumitaw kahit kailan sa mundo.”

Sabi niya, “Isa Siyang propeta.”

<sup>77</sup> Sabi ko, “Isa nga Siyang propeta, tama ’yun: isang Diyos-na-propeta, ang kapuspusan ng Salita. Ang propeta nga’y dinaratnan lang siya ng Salita, ’yun nga ang palatandaan na siya’y—na siya’y isang propeta. Pero Siya ay yaong kapuspusan ng Salitang ’yun.”

<sup>78</sup> At sabi niya, “Mapapatunayan ko sa iyo.” Sabi, “Ginagawa mo Siyang Diyos.”

Sabi ko, “Diyos namang talaga Siya.”

At sabi niya, “Hindi Siya maaaring Diyos.”

Sabi ko, “Siya . . . Pero Siya namang talaga.”

Sabi niya, “Sabi mo naniniwala ka sa Biblia.”

Sabi ko, “Naniniwala nga ako.”

<sup>79</sup> Sabi niya, “Patutunayan ko sa iyo, sa pamamagitan mismo ng sarili mong Biblia, na hindi Siya Diyos.”

<sup>80</sup> Sabi ko, “Sige po. Kung Biblia na mismo ang magsasabi, sige po paniniwalaan ko, dahil naniniwala akong tama ang Salita.”

<sup>81</sup> Sabi niya, “Doon sa daan patungo sa libingan ni Lazaro, naaalala mo ba ’yun dun sa San Juan 11?”

Sabi ko, “Naaalala ko, ginang.”

<sup>82</sup> Sabi, “Buweno, ngayon, doon sa daan, aba’y umiyak Siya. Sabi ng Biblia, “Tumangis Siya.”

Sabi ko, “Tunay namang, sinabi ’yan ng Biblia na tumangis Siya.”

Sabi, “Papaano Siyang magiging Diyos at tapos tumatangis naman?”

Sabi ko, “Tao Siya.”

“Tao at Diyos?”

<sup>83</sup> Sabi ko, “Oo, ginang. Hindi mo lang nakita. Isa—isa nga Siyang tao sa paglalakad dun, nakikitangis kasama nung mga nagsisitangis dun, ganoon nga, nakikidalamhati roon sa mga nagsisidalamhati. Isa Siyang tao. Pero noong itinuwid na Niya ang Kanyang munti’t, mahinang katawan, at nagwika, ‘Lazaro, lumabas ka,’ at ang lalaking ’yun doon na apat na araw nang patay, ay tumayo sa kanyang mga paa. Haya’t higit pa sa tao ang makagagawa ng bagay na ’yun, Diyos ’yun na nasa Tao.” Sino bang may kakayahang makapagbangon ng patay, hindi ba’t Diyos? Siya ang Pagkabuhay na mag-uli at ang Buhay! Siyanga.

<sup>84</sup> May isang gabi sa may dagat, noong naroon Siya, hapong-hapo, nakahiga sa may likuran ng bangka, noong may sampung libong mga diyablo na sumumpa na kanilang lulunurin Siya sa gabing ding ’yun, at ’yung munti’t lumang bangka na ’yun ay paalon-alon na parang takip ng bote sa gitna ng maunos na dagat. Sa isip-isip ng mga diyablong ’yun, “Natiyempuhan na natin Siya ngayon. Nakatulog Siya; lulunurin natin silang

lahat dun.” Oh, isa nga Siyang tao, hapo, pero nung magising, isinampa Niya ang isang paa Niya sa may gilid nung bangka, at tumingala’t nagsabi, “Pumayapa, tumahimik ka,” at ’yung mga hangin at mga alon ay tumalima sa Kanya. Higit nga ’yun sa pagiging tao.

<sup>85</sup> Tao Siya nung Siya’y magutom, bumaba mula sa bundok, naghahanap ng pirasong tinapay o kung anumang na makakain, o bungang igos mula sa isang punongkahoy. Pero nung kunin Niya ’yung limang tinapay at dalawang isda, at pinakain ang limang libo, Diyos ’yun na nasa Taong ’yun. Siyanga.

<sup>86</sup> Oh, bawat gatuldok na taong higit pa sa kanila ang halaga ng gabundok-na-munggo’y naniniwala sila roon, ang lahat ng makata’y naniniwala roon. Kaya naman naisulat nung isa sa kanila:

Sa pagkabuhay ako’y iniibig Niya; sa  
pagkamatay, ako’y iniligtas Niya;  
Sa pagkalibing, Kanyang dinala sa malayong  
dako yaring pagkakasala;  
Sa pagbangon, nagawa nga Niyang ako’y  
ariing ganap nang walang bayad kailanman;  
Balang araw Siya nga ay darating, Oh araw na  
walang kasing ningning!

<sup>87</sup> Si Eddie Perronet, na ’yung mga awitin niya’y hindi niya maipagbili-bili. Isang araw, di siya halos makatayo nang husto dahil nasa ilalim siya ng kasi ng Espiritu Santo, dumampot siya ng panulat, isinulat niya ang pampasinayang awitin na ito, isinulat niya:

Ipagbunyi ng kalahatan ang kapangyarihan ng  
Jesus na Pangalan!  
Ang mga Anghel ay hayaan na manikluhod  
magpatirapa;  
Dalhin sa harapan ang maharlikang diyadema,  
Siya’y putungang Panginoon ng buong lahat-  
lahatan! (Hallelujah!)

<sup>88</sup> Siyanga naman, ganyan ang paniwala natin kung sino Siya. Siyanga, po.

<sup>89</sup> Kinailangan nga niyang sampalatayanan ang mga bagay na imposible, para sa modernong pag-iisip nung panahon na ’yun. At ganyan din naman kayo na kailangan n’yong paniwalaan ang mga bagay na imposible, upang makita ang bagong Buhay, makita na may mga bagay talaga na magaganap. Sa kabila nun Kanyang napagkilala . . . Napagkilala niya na Siya ang Salita, kaya naman ang mga bagay na imposible’y nagkakaroon na ng kaganapan, dahil Siya ang Manlilikha, at tatayuan ang bawat bagay na sasalitain Niya.

<sup>90</sup> “At ang lahat ng bagay ay may pangyayari sa kanila na nananampalataya.” Yan ang sinasabi ng Kanyang Salita. Kahit

nga mga bagay na imposible ay mapangyayari talaga sa tuwing panghahawakan mo ang Diyos sa Kanyang Salita. Siyanga, po. Sa tuwing ang Diyos ay panghahawakan sa Kanyang Salita, anumang bagay na imposible ay—ay mapangyayari. Kapag sinabi ng Diyos na mangyayari, haya't panghawakan mo lang 'yan at antabayanan mo lang, ang mga bagay na imposible'y mapangyayari. Mapangyayari ngang talaga.

<sup>91</sup> Pero pansinin n'yo, sa lahat ng 'yun nama'y, ang sabi niya, “Ngayon man nama'y, Panginoon, anuman ang hingin Mo sa Diyos, ay gagawin ng Diyos.” Alam niyang kung magagawa lang niyang ipamutawi ang Salitang 'yun mula sa Kanya. Yun lang ang dapat niyang gawin, maipalabas ang Salitang 'yun. Oo, 'yun na ang pinakamadilim na oras ng kanyang buhay, at dumating si Jesus at tumawag. Oh, isa ngang napakadakilang bagay ang nakita nila roon, isang pagkabuhay na mag-uli!

Sige po't tumingin pa tayo rito ng ilang sandali kung saan dumating ang madidilim na oras.

<sup>92</sup> May isang lalaki noon, ang pangalan ay Job, isa sa mga pinaka matatandang propeta sa Biblia. Isa siyang dakilang tao. Kanyang—kanyang iniibig ang Panginoon, at ginawa niyang lahat ang nalalaman niyang magagawa niya. At naghangad si Satanas na salain siya, kaya sinabi nito sa Diyos isang araw. . . O, sinabi rito ng Diyos, pala, “Saan ka nanggaling, Satanas?”

<sup>93</sup> Sabi nito, “Oh, sa pagpaparoo't-parito at sa pagmamanhikmanaog sa lupa.”

<sup>94</sup> Sabi Niya, “Iyo bang pinansin ang Aking lingkod na si Job? Walang gaya niya sa lupa. Siya'y sakdal na lalaki.”

<sup>95</sup> “Oh,” sabi niya, “kaya naman ganun, ibinibigay Mo kasi sa kanya ang lahat, tinatangkilik sa kanya ang lahat. Tunay nga, isa siyang dakilang lalaki. Pero hayaan Mong mapasa akin siya kahit isang beses lang, babaguhin ko ang takbo ng mga bagay-bagay. Magagawa kong itakuwil Ka niya, nang mukhaan Mo.”

<sup>96</sup> Sabi Niya, “Hindi mo 'yun magagawa.” Ganoon nga ang tiwala Niya sa isang mananampalataya. Bakit? Siya'y Walang Katapusan. Siya'y Walang Hanggan. Batid Niya ang katapusan buhat pa dun sa pasimula. Batid Niyang hindi 'yun magagawa ni Satanas. Sapagkat, Siya ang Salita, batid Niya kung anong gagawin ni Job.

<sup>97</sup> Ngayon, alalahanin n'yo, si Job, pinatubuan siya nito ng mga bukol, pinatay ang kanyang mga anak, kinuha ang lahat ng pag-aari niya. Naglaho ang kalusugan niya. Maging 'yung mga tagapag-aliw niya sana nung sila'y magsidating, ay wala silang ginawa kundi paratangan siya na isa siyang palihim na makasalanan. At humantong si tandang Job sa isang kalagayan na siya'y nasa labis na kagipitan.



98 Kinakailangan n'yo ngang malagay sa kagipitan, unang-una. Kinakailangan n'yong humantong sa isang panahon na nasa dulo ka na ng inyong landas.

99 Humantong si Job sa dulo ng kanyang landas, nung sabihin niya, "Sumpain nawa ang kaarawan ng aking kapanganakan. Ang araw ay di sana sumilang noon, at ang buwan ay di sana sumilang noon, ang pangalan ay di sana natawag noon." At sa kagipitang 'yun, ay saka dumating si Jesus. Tumunghay siya, at ang sabi niya, "Nakikita ko, bilang tao, namamatay ang isang bulaklak, at bumabangon muli sa tagsibol. Kung ang isang punongkahoy ay mabuwal, muli itong sisibol sa pamamagitan ng amoy ng tubig." Nakita nga niya na ang lahat ng halamang-buhay ay nabubuhay muli, pero ang sabi niya, "Ang isang tao'y nabubuwal, siya'y nalalagutan ng hininga, saan siya naroon?" Batid niyang matanda na siya. Sabi niya, "Ang kanyang mga anak ay pumaroon upang magluksa sa kanya, at hindi niya ito nalalaman. Oh, na ikukubli Mo ako sa libingan at iingatan ako sa dako Mong lihim, hanggang sa ang Iyong poot ay makaraan. Ika'y nagtakda sa akin ng isang panahon at naglaan ng isang panahon. Kami'y yayao . . ." At tuluy-tuloy niyang, sinabi 'yun. Nasa kadulu-duluhan na siya, ng kanyang kagipitan, "Anong mangyayari? Ang mga dahon ay nabubuhay muli, bumabalik sa mga punongkahoy, ang mga bulaklak ay bumabalik muli, lahat ng iba pa'y sumisibol muli, pero ang isang tao'y nabubuwal at nalalagutan ng hininga!" Nasa kagipitan siya noon. Hindi niya nalalaman kung anong puwedeng mangyari sa kanya, haya't nasa ganung edad na siya noon.

100 Nung malaman niya, saka dumating si Jesus. Itinuro ng Diyos ang kanyang ulo sa kalangitan, at nakita niya si Jesus na dumarating sa huling mga araw.

101 Nung pinakamadilim na oras na 'yun nung sabihin nung kanyang asawa, "Itakuwil mo na ang Diyos at mamatay ka na't mamatay," pero ang sinabi niya, "Babae, nagsasalita kang gaya ng hangal na babae. Ang Panginoon ang nagbigay, at ang Panginoon ang nag-aalis, purihin ang Pangalan ng Panginoon." Maging ang asawa niya'y itinakuwil na siya. Yung kanyang simbaha'y itinakuwil na siya. Lahat na'y itinakuwil na siya.

102 Sa madilim na oras na 'yun, kung saan di niya alam kung saan siya patutungo mula roon, ay dumating si Jesus. Tapos ay napasigaw siya, "Talastas kong ang Manunubos sa aki'y buhay, at sa huling mga araw Siya'y tatayo sa lupa. At pagkatapos na magiba ng mga uod ang katawang ito, gayunma'y makikita ko ang Diyos sa aking laman, Siyang makikita ko mismo ng sarili ko." Sa kanyang pinakamadilim na oras, saka dumating si Jesus. Siyanga, po.

103 Si Moises, para kay Moises, dumating sa kanya ang pinaka madilim na oras sa Israel. Naroon siya mismo sa pagganap ng

kanyang tungkulin; nakatagpo niya ang Diyos sa mababang kahoy roon, at ang sabi, “AKO YAONG AKO NGA.” Sumulong siya roo’t nakipag tunggali sa lahat na ng uri ng panggagaya nina Janes at Jambres, na pilit ginagaya ang kanyang gawa. Sa lahat ng ’yun, nanatili siyang tapat sa Diyos. Sa huli ay nagawa rin niyang panampalatayain ang Israel. At naroon na nga siya’t palabas na ng Egipto, patungo na roon sa—sa lupang pangako, kung saan sinabi ng Diyos, “Sasambahin ninyo Ako sa bundok na ito.” Ganoon nga ang Sinalita ng Diyos. Batid ni Moises na kinailangan niyang pumunta sa bundok na ’yun. Amen. Diyos ang nagsabi! Walang Faraon ang makapapatay sa kanya. Walang diyablo ang makapapatay sa kanya. Walang kahit ano ang makapapatay sa kanya. Siya’y patungo na sa bundok na ’yun. Amen! Hallelujah! Grabeng puspos ang nararamdaman ko ngayon. Siya’y patungo na sa bundok na ’yun.

<sup>104</sup> At ganoon din tayo’t patungo na tayo sa Kaluwalhatian! Walang kahit anong makapipigil sa atin. Wala, po. Ang Diyos nga’y pagtitibayin ang Kanyang Salita. Di ko alintana anuman diyan ang mangyari, Kanyang ipangyayari ’yun, anuman ang mangyari. Oo.

<sup>105</sup> Hayan nga siya’t bumabagtas, nasa pagganap ng kanyang tungkulin. Hayan nga siya’t, napapagitnaan ng mga bundok. Pinakinggan niya’t narinig niyang may dagundong sa likuran niya. Anong meron? Mga karwahe ni Faraon, na libo-libo ang bilang, paparating; armadong-armado, at may mga pansibat at kung anu-ano pa, para tugisin sila’t durugin sila. Naroon ang Dagat na Pula, pinutol ang kanyang pag-usad. Anong ginawa niya? Humantong na siya sa kagip-... Humantong na siya sa kagipitan. Naghihiyawan na ang lahat ng mga tao, “Oh, lagot na tayo ngayon. Papatayin tayo ng Faraon, uundayan tayo ng kanyang mga tabak. Mamamatay ang mga sanggol natin dito sa ilang.”

Sumigaw si Moises, “Oh Diyos!”

<sup>106</sup> At pagkatapos ay dumating si Jesus sa eksena. Siya ang Haliging Apoy. Siyanga. Bumaba Siya’t pumagitna Siya sa kanya at sa panganib. Amen. Siya ang Pumapagitna para sa atin. Siya ang Tumatayo sa gitna, amen, isang Tagapamagitan. Hayan nga’t tumayo Siya, tumatayo roon; na kadiliman sa mga taga-Egipto, sa mga paparating doon upang gumawa sana ng kapahamakan. Liwanag naman Siya sa kanila, na malalakaran. Pagkatapos nung umagang ’yun nung biglang umiihip na ang hangin dun nang may kalakasan na, nung gabing ’yun, ano ang Kanyang ginawa? Dumating nga Siya roon sa anyo ng Haliging Apoy.

<sup>107</sup> Alalahanin po, Siya pa rin ’yung Haliging Apoy na ’yun. Siyanga, po. Nung narito pa Siya noon sa lupa, ang sabi Niya, “Ako ay nagbuhat sa Diyos, at babalik sa Diyos.”

<sup>108</sup> At pagkatapos ng Kanyang kamatayan, paglilibing, pagkabuhay na mag-uli, at pag-akyat; si San Pablo, sa daan niya patungong Damasco, pinasubasob siya ng Haliging Apoy na 'yun. Alalahanin po, isa siyang Hebreo. O di sana'y di niya sinabi 'yun. . . Sinabi nga niya, "Panginoon, Sino Ka baga?" Malalaking P-a-n-g-i-n-o-o-n, Elohim. "Sino Ka baga na aking pinag-uusig?"

Sabi Niya, "Ako si Jesus."

<sup>109</sup> Amen! Hallelujah! Siya ang Una at ang Huli. Siya'y siya pa ri't nananatili kahit kailan. "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, gayunma'y makikita ninyo Ako. Ako'y sasainyo, sumasainyo." Siya ring Haliging Apoy, siya ring Diyos na gumagawa ng ganoon pa ring bagay, taglay ang siya ring pangako, amen, inihahayag ang Kanyang Salita. "Ako ang Pagkabuhay na mag-uli at Buhay. Ako nga Siyang Noon, ang Siyang Ngayon, at Siyang Darating." Siyanga, po. Oo.

"Nagsikain ang aming mga magulang ng manna sa ilang."

<sup>110</sup> Sabi Niya, "Sila'y, bawat isa'y, patay na. Subalit, AKO YAONG AKO NGA." Si Moises. . . Sa nagniningas na kahoy, naroon ang AKO NGA. Siya pa rin hanggang ngayon na AKO NGA, di sinabing Ako noon; AKO NGA, pangkasalukuyan, sa lahat ng panahon.

<sup>111</sup> Nasumpungan nga natin dito na si Moises ay nagigipit dun sa sulok na 'yun, at ang Cristo'y bumaba. Ngayon, at sinabi ng Biblia na, na, "Inari ni Moises ang—ang kadustaan ni Cristo na malaking kayamanan kaysa sa mga kayamanan ng Egipto." Ang kadustaan ni Cristo! Si Cristo ang Pahid, ang Logos na lumabas mula sa Diyos. Ang Anghel, batid ng kahit sinong bumabasa ng Biblia na ang Anghel na 'yun ay si Cristo. At naroon nga Siya sa ilang, at dumating Siya sa eksena, sa anyo na minarapat sa Kanya na mahayag. Luwalhatiin ang Diyos!

<sup>112</sup> Siya ngayon ay naparito sa pormang, siya ring Cristo, na inihayag.

<sup>113</sup> Sinabi Niya sa kanilang ilalabas Niya sila. Kanya ngang ginagawa 'yun. Dumating nga Siya upang tumayo sa Kanyang Salita, upang patotohanan Ito. At pagkatapos na dumating Siya, gaya nung ginawa Niya kay Marta, saka Siya tumawag. Sabi Niya, "Moises, bakit ka humihibik sa Akin? Salitain mo sa bayang ito, na sila'y magpatuloy sa pagsulong." Sa madilim na oras na 'yun, bumukas ang Dagat na Pula at tumawid sila, sa kanilang paglalakbay upang isakatuparan ang Salita ng Diyos. Oo, sa pinaka madilim na oras na 'yun ni Moses, saka dumating si Jesus. May ganoon din tayong oras. . . At tinawag Niya si Moises.

<sup>114</sup> Nais nating kunin ang inyong pansin sa isa pang munting lalaki rito. Ang pangalan niya ay Jairo. Napakarami ng ganito sa mundo ngayon. Isa siyang palihim na mananampalataya. Iniibig niya si Jesus. Nakapakinig na siya tungkol sa Kanya.

Sinasampalatayanan niya Siya. Pero, nakita n'yo, kaanib na kasi siya sa isang organisasyon. Oo. Siya—siya—siya—siya nga'y sadyang... di niya magawang lumantad at ipahayag sana 'yun. Siya'y sumasampalataya naman dito, pero di niya ito kayang ipahayag, kaya nanatili tuloy siyang kasapi roon ng mga di-mananampalataya. Pero tunay ngang sumasampalataya siya rito.

<sup>115</sup> Alam n'yo, kapag ang isang tao'y nalalagay sa ganoong pagkahubog, kung minsan ay dinadala siya ng Diyos sa isang pagtutuos. Sa kagipitan nga natin tunay na naipapakita ang talagang kulay natin, kung ano talaga tayo.

<sup>116</sup> Kaya hayun tuloy siya, kasa-kasapi siya roon ng mga di-mananampalataya, at naging miyembro na nga siya't naipalista na niya ang pangalan niya sa aklat, at kung anu-ano pa. At isa siyang saserdote, at kaya naman di niya—di niya magawang lumantad nang hayag, dahil sa pagiging ganun niya kinukuha ang pagkain niya sa araw-araw. Kaya 'yun tuloy, pero ganoon pa man ay sinasampalatayanan pa rin niya si Jesus.

<sup>117</sup> Isang araw, nagkasakit ang munti niyang anak na babae. Oh, naku. Kanyang, di maitatago na tao lang siya, na tao lang din... kaya naman, nagpatawag siya ng doktor. Dumating ang titingin, inasikaso 'yung bata. Lumubha nang lumubha ang lagnat nung bata. Pagkaraan ng ilang saglit uminit siya nang husto, at lahat, humantong ang bata sa puntong mamamatay na. Humantong siya sa kagipitan. Kinailangan niyang gumawa ng isang bagay. Di niya—di na niya alam ang gagawin. Ngayon naisip niya, “Kung matagpuan ko lamang Siya, saanman Siya naroon ngayon.” Ngayon haya't di siya naghintay na sumapit pa muna ang gabi, gaya nung ginawa noon ni Nicodemo, para makipag-usap nang sarilihan. Oras na para kumilos, dumating na ang panahon para kumilos siya at kinakailangan na niyang kumilos sa mga oras na 'yun.

<sup>118</sup> At iniisip ko, kapatid na lalaki, kapatid na babae, ganoon din ito sa ngayon. Dumating na ang panahon para kumilos. Dumating na ang panahon para manampalataya ka o di ka manampalataya. Dumarating ang naghihiwalay na linyang 'yan sa bawat lalaki at bawat babae. Dumarating ito sa bawat anak. Minsan kung lalampas ka sa linyang 'yan, may isang bagay na lang na natitira para sa'yo, 'yun ay paghatol, kapag lumampas ka sa pagitan ng awa at paghatol, kapag lumampas ka sa linyang 'yan.

<sup>119</sup> Alalahanin, humantong siya sa kagipitan. Hindi na niya malaman kung ano pang gagawin. Naroo't nakatayo ang mga saserdote niya, lahat ng mga rabi ay nakapaligid sa kanya. Naroon ang mga kapanalig niya't kasamahan, naroon silang lahat, nakatunghay lang sa munti niyang anak na babae na malapit nang mamatay. Naroong nakatayo ang doktor sa labas,

nakahalukip ang mga braso, nanginginig, “Ibinigay ko na ang lahat ng gamot na nalalaman ko, at ganoon pa rin . . .”

<sup>120</sup> Kita n’yo, si Jesus ’yan na gumagawa sa tuwina. Ginagawa ito ni Jesus para sa isang layunin, upang palabasin ang kulay ng munting lalaking ’yun. Pagkaraan ng ilang saglit, nakikinita ko na siyang humahayo na’t kinukuha ang munti’t itim niyang pamandong at isinusuot ’yun, isinuot na niya ang pansaserdote niyang balabal.

“Saan ka pupunta?”

<sup>121</sup> “Aking . . . Nabalitaan kong naroon Siya ngayon sa may ilog. Pupuntahan ko Siya!” Oh, grabe! Humayo siya!

<sup>122</sup> Sa oras na ’yun ng kagipitan, kinailangan niyang gumawa ng pagpapasya: hayaan ang anak niya na mamatay, o itong nalalaman niya na naroon nga ang kahayagan ng Salita. Isa siyang saserdote, at nabasa na niya ang Salita, at nalalaman niyang ’yun nga ang kahayagan ng Diyos. Ang Diyos ay nakay Cristo, ipinakupagkasundo ang sanlibutan sa Kanya rin. Alam niya ’yun, at nalagay siya sa ganoong matinding kalagayan. Puwede siyang magkamali, hayaan ang anak niyang mamatay, o lumantad nang hayag. Noong humantong siya sa kagipitang ’yun, doon din sa mga oras ding ’yun ay dumating si Jesus. Humayo siya upang makipagkita sa Kanya. Sabi niya—Sabi niya, “Sasama ako sa Iyo, anuman ang sabihin Mo.” At doon sa daan, hayan nga’t paparating ang isang mensahero, may dalang madilim na balita. Nagawa na niyang magpahayag noon, na siya’y sumasampalataya sa Kanya. Nagawa na rin niyang sa sarili niyang ginawa’y maitiwalag ang sarili, at mailantad ang sarili sa mata ng publiko sa mga oras na ’yun, na siya nga’y isang mananampalataya kay Jesus.

<sup>123</sup> At hayan nga’t dumarating ang isang mensahero, sabi, “Huwag mo nang abalahin pa ang sinuman, ’pagkat namatay na ang anak mong babae. Namatay na siya kahapon. Patay na siya. Huwag ka nang, huwag ka nang magpapaniwala pa.”

<sup>124</sup> At, oh, para bang nais nang tumiklop nung munti niyang puso noon. Pero tumingin siya at nakita ang mga matang ’yun ni Jesus, sabi, “Hindi ba’t sinabi Ko na sa iyo? Huwag kang mababahala, kung nais mong masaksihan ang kaluwalhatian ng Diyos. Ano ’yang ikinabahala mo? Sinabi Ko na sa iyong paroroon Ako.”

<sup>125</sup> Sinabi na Niya mismong paroroon Siya. Sinabi na Niya mismong gagawin Niya ’yun, at hayan nga’t ginagawa na Niya. Amen. Sinabi na Niyang lilitaw Siya sa eksena sa huling mga araw at gagawin ang mga bagay na ito na gaya ng ginawa Niya noon, tulad ng binasa natin kagabi at pinag-usapan. Hayan na nga Siya’t ginagawa ’yun. Ano ’yang ikinabahala mo?

126 Alalahanin n'yo, noong pumaroon Siya, ay tinawag Niya ang batang babae mula sa mga patay. Dumating Siya sa eksena at tinawag ang batang babae mula sa mga patay.

Ang abang bulag na si Bartimeo, minsan, humantong siya sa pinakamadilim niyang oras.

127 Naroon noon si Jesus, may inorganisa roong agahan ng mga Full Gospel Business Men sa—sa Jerico, at naroon kasa-kasama Niya si Zaqueo. Nakatagpo Niya siya sa isang puno, doon sa daan. Kaya nung Siya'y... Buweno, di nga Siya basta-basta nag-oorganisa ng kung anu-anong bagay lang, tiyak ko. Kita n'yo? Kaya nung matapos na Siya roo't palabas na, at Kanyang—Kanyang makatagpo na siya, sumama na si Zaqueo sa Kanya.

128 Ang abang bulag na si Bartimeo bulag na mula pa nung maliit na bata siya. Haya't naisipan niyang baka sa pintuang-bayan na 'yun lalabas si Jesus, at kaya naghintay siya. Pagdaka ay nakarinig siya ng maraming nagkakaingay, at maraming nagdadagasaan dun.

129 At narinig niya 'yung saserdoteng nagsasabi, "Hoy! Hoy, ikaw, ikaw na palusong diyan sa burol na 'yan! Totoo—totoo—totoo bang... Nabalitaan naming nagbabangon ka raw ng mga patay. Aba'y may libingan kami rito na punung-puno ng mga patay. Kung ikaw ang Mesiyas, kung ikaw nga ang Mesiyas, halika rito't buhayin mo ang mga patay rito."

130 Alam n'yo, ang siya ring mga diyablong 'yan ay hanggang ngayon umiiral pa rin, kita n'yo, sa anyo ng relihiyon, katulad na katulad noon. Kita n'yo?

131 "Kung ikaw nga ang Mesiyas, kami'y... nagbabangon ka raw ng mga patay; may libingan kami rito na punung-puno ng mga patay. Halika." At, oh, halo-halo na ang hiyawan dun. May isa sumisigaw, "Hosana sa Propeta!" Yung isa naman ang isinisigaw ay *ganito, ganoon, o iba pa*. Grabeng kaguluhan!

132 Naisip tuloy nung abang bulag na lalaking 'yun, "Oh, napalampas ko Siya. Doon Siya lumabas sa gawing 'yun, at ang akala ko'y dito Siya magdadaan. Naipuwesto ako sa maling lugar." At napasigaw siya. Sa isip-isip niya, "Kung Siya yaong Salita, Siya nga ang Diyos; tiyak ngang ganoon Siya." Kaya, "Oh Jesus, Ikaw na Anak ni David, mahabag Ka sa akin!" Sa oras na 'yun ng kagipitan, tumawag siya.

133 Ngayon si Jesus, kung mamarkahan n'yo ito rito, ay nasa Jerico. Doon sa sinasabi nilang pinagpuwestuhan nung bulag, nasa sandaan at limampung yarda ang layo niya mula dun sa kinatatayuan ni Jesus. Sa libo-libong kakapalan ng mga taong nagsisidagsaan sa paligid Niya, malabo ngang marinig Niya ang pagsusumamo nung lalaking 'yun. Malabo. Pero nadama Niya 'yun. Huminto Siya.

134 Nais kong ipangaral ito, isa sa mga gabing ito: “At saka huminto si Jesus.” Oh! “At saka yumuko si Jesus.” Oh!

135 Haya’t noong huminto si Jesus, ano ’yun? Tinawag Niya ang lalaki. “Narito na ang Guro. Huwag ka nang manlumo,” sabi nung mga alagad, “tinatawag ka Niya. Tinatawag ka Niya.” Tinawag siya mula sa karamihang naroon.

Ganong din ang ginagawa Niya mapasa hanggang ngayon. Tumitimo na ba ito sa inyo ngayon? Kita n’yo?

136 “Narito na ang Guro at tumatawag sa iyo.” At Kanyang tinawag siya mula sa pagkabulag patungo sa liwanag, mula sa kadiliman patungo sa liwanag. At Kanyang tinawag siya, mula kamatayan patungo sa Buhay. “Narito na ang Guro tumatawag Siya sa iyo.” At noong tawagin Niya siya, ipinagkaloob Niyang muli sa kanya ang paningin niya.

137 Yung munting babaing inaagasan ng dugo, minsan, doon sa ibabaw ng burol, ginugol na niyang lahat ang kanyang salapi, para magpadoktor. Yung babae, di maikakailang, naibenta na nila ang—ang kawan. Naibenta na nila pati ang—ang sakahan, naisangla pati ’yun. Ginugol na nilang lahat ang kaya nilang gugulin para sa manggagamot, pero wala ni isa sa kanila ang nakapagpabuti ng lagay niya. Mas lalo siyang lumulubha nang lumulubha. Ayaw huminto nung pagdurugo. Mas lalo pang, tuluy-tuloy ’yun, palala siya nang palala.

138 At isang araw, habang nakaupo siya roo’t naggagantsilyo, doon sa ibabaw ng burol kung saan siya nakatira, tumanaw siya sa ibaba sa kapatagan, at nakakita siya ng isang bangkang dumadaong. Lahat ng naroon ay nagsimulang magsitakbuhan, “Hosana sa Propeta!”

139 Narinig na niya ang tungkol sa Kanya. Dumarating ang pananampalataya sa pakikinig. Ngayon sabi niya, “Paroroon ako’t titingnan ko Siya nang malapitan.”

140 At sa paglalakad niya roon, at una niyang masilayan ang Salita ng Diyos na nahayag sa laman, may kung anong bagay nga sa Kanyang pananalita at sa Kanyang itsura, na nalaman niyang Siya na talaga ’yun. Siyanga, po. “Oh, kung makukuha ko lang ang Kanyang pansin sa kung anong paraan, kung mahihipo ko lang Siya sa kung anong paraan!” At sumingit siya sa karamihan at hinipo niya ang Kanyang damit.

141 Ngayon, alalahanin n’yo, hindi ’yung daliri nung babae ang naramdaman Niya. Hindi, po, dahil ’yung damit nila dun sa Palestina’y maluwang ang pagkakalaylay. At Siya . . . kanilang si- . . .

Sabi ni Pedro, “Lahat nama’y nahihipo Ka.”

142 Sabi Niya, “Ngunit kaibang paghipo ito. Namalayan Kong nanghina Ako.”

143 Dumating si Jesus. Naubos na ang kanyang salapi, walang-wala na ang lahat; subalit sa madilim na oras na 'yun nung di mapigil-pigil ang pag-agas ng dugo, at di 'yun mapigil-pigil nung mga doktor, ay dumating si Jesus. At anong ginawa Niya? Tinawag Niya siya. Tumingin sa palibot hanggang sa makita Niya ang babae, at sinabi Niya, "Inaagasan ka ng dugo, ngunit huminto na ito."

144 "Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman." "Narito na ang Guro at tumatawag Siya sa iyo. Dumating Siya at Siya'y tumawag." Tinawag Niya ang babae pabalik sa kalusugan.

145 Yung munting babae sa may balon, na pinag-usapan natin kagabi, naglaho nang lahat ang pag-asa. Marahil, siguro 'yung ikalima niyang asawa'y iniwan na siya, at sumama siya dun sa pang-anim nung gaging ding 'yun, at siya'y—siya'y may kaunti ngang pag-aatubili dun sa lalaki. Sa moralidad, walang-wala talaga siya. Ninanais niyang maging isang tunay na binibini; siya nga'y, di mapasusubaliang, nagbabasa siya ng Biblia.

146 At nagpunta na siya dun, bandang alas onse siya nagpunta. Di nga siya dun makapunta nang mas maaga-aga kung kailan nagpupuntahan ang mga disenteng kababaihan. At sila nga roo'y ipinapatong nila 'yung iniigib nilang tubig sa kanilang ulo, at 'yung mga sisidlan, at bababa na. At mangyari ngang di siya puwedeng magpunta dun, na makikihalubilo sa kanila. Sila, mayroon silang segregasyon noong panahon na 'yun, di puwedeng makihalubilo 'yung mga matitino sa masasama. Pumipirmi lang 'yung mga imoral sa kanilang lugar, kaya di siya maaaring pumunta roo't makasama 'yung iba pa sa kanila. Di rin nila siya pahihintulutang pumunta. Kaya pagkatapos na makapagsalok ang iba ng tubig nila't makauwi na . . . Nagpunta siya na may mas ikabubuti pa pala roon.

147 At nung magpunta na siya roon patong-patong 'yung isang banga sa kanyang ulo, di maikukubling sa pagpunta niya roon, ay napapaisip siya, "Ngayon, 'yung lalaking pinakasalan ko, o, kinasama ko kagabi, nag-aatubili ako sa kanya. Lalaki pa naman din siya, pero kaduda-duda ang kilos niya. Ako'y—ako'y di mapalagay sa kanya. Di na ako nabigyan ng pagkakataon. Itinakuwil na ako sa lipunan. At di ako makapasok-pasok sa mga simbahang 'yun doon, di nila . . . Tingnan mo naman kasi sila! Di ko na alam ang gagawin ko. Ako'y gipit na gipit na. At nababasa-basa ko sa Biblia; tunay, darating ang araw, 'yung Propetang 'yun ay darating sa eksena. Ngayon nalalaman kong ipinapahayag na nilang wala na raw ganoong bagay, at 'yun daw ay, 'Baka daang taon nang wala, at libong taon nang wala. Libo-libong taon na natin itong hinahanap-hanap, at di naman ito maganap-ganap, kaya di na natin ito hahanapin pa.' Lahat sila'y kesyo, 'Oh, anupa't, may mga iglesya naman na tayo at mga



bagay-bagay. Di na natin kailangan nung ganun ngayon.” Kaya ganun na nga’t naglalakad siya roon, napapaisip.

<sup>148</sup> Alam n’yo, kapag iniisip-isip n’yo Siya, doon nga Siya nagpapakita sa inyo. Gaya nung natalakay natin kagabi, nung nasa daan ’yung mga lalaking ’yun patungong Emaus.

<sup>149</sup> Habang iniisip-isip niya ’yung mga bagay na ’yun, narinig niya ang isang Lalaking nagsabi, “Painumin mo Ako.”

<sup>150</sup> Anong meron dun? Sa pinakamadilim niyang mga oras, noong walang-wala na talaga ang moralidad sa kanya. Marahil isa siyang magandang munting binibini noon, pinabayaan sa lansangan para mamuhay nang ganoon. Kung minsan nga’y di ’yun kasalanan ng munting dalagita, kasalanan nga nung mga magulang niya, na pinabayaan siyang magpalaboy-laboy na gaya nun. At ganoon na nga ang nangyari sa kanya, marahil nakalugay ’yung maliliit niyang paalon-alon na buhok; sawing palad na talaga siya, baon na baon, lupaypay na lupaypay, at walang kahit isang gustong magkaroon ng kinalaman sa kanya, tapos ’yung bata, at siguro nga’y may malaking kuwento sa likod nito.

<sup>151</sup> Ano’t anuman, tiyak ko ang bagay na ito, na siya nga’y nakakapagbasa-basa ng Biblia, at sinasampalatayanan niya ang Biblia. At may munting binhing nakahimlay roon sa puso niya, nagsasabi, “Kung mangyayari ’yun, makikilala ko ’yun.” Naitalaga na siya noong una para sa bagay na ’yun.

<sup>152</sup> Tingnan n’yo po ’yung matandang Judas na ’yun na patayo-tayo roo’t ginagawa nga ’yung ginawa niya noon. Grabeng itim hanggang dun sa pinaka kaibuturan ng puso niya. Ang Ilaw ay nagliliwanag nga rito sa mga gawa niya, pero sa kaibuturan ng puso niya’y di niya Ito sinasampalatayanan. At heto naman ’yung babae . . . Kita n’yo, di kayang makaabot nung Liwanag sa ganun. Pero heto po ’yung babae, sumasampalataya, kanya Itong sinasampalatayanan, pero ’yung buhay niya’y maitim na maitim talaga; noong tumama ’yung Liwanag, inalis Nito ang kaitimang naroon. Pero heto nga’t sa isang ito noong tumama dun ’yung Liwanag, grabeng kaitiman ang nasumpungan Nito. Yun nga ang pagkakaiba.

<sup>153</sup> Kita n’yo, isinilang ’yung babae para sa layuning ’yun. Sabi—sabi nung babae, nung sabihin Niya sa kanya kung ilang asawa na ang nagkaroon siya, ’yung babae . . . Anong nangyari? Grabe’t bigla-bigla na lang siyang napuno ng sigla. Nasadlak nga siya sa kagipitan. Sabi niya, “Ginoo, napaghahalata kong Ikaw ay isang Propeta. Alam kong sa pagparito ng Mesiyas ay gagawin Niya ang mga bagay na ito.”

<sup>154</sup> Pagkatapos nun ay Kanyang tinawag siya. Pagkatapos ay Kanya ngang tinawag siya. “Ako nga Siya, Siya na nagsasalita sa iyo.” Nakilala ’yun nung babae sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Kanyang tinawag siya mula sa kanyang mga kasalanan,

patungo sa Buhay. At ang pangalan niya'y nasa Biblia, at may Buhay na walang kamatayan na siya ngayon.

<sup>155</sup> Magagawa nga Niyang tawagin kayo sa ganun ding paraan, dahil Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ang. . .

<sup>156</sup> Oo, walang-wala man ang moralidad niya, pero sa kabila nun nalaman niyang may espirituwal na pagkilala Siya. Alam niyang 'yun na 'yun mismo ang Mesiyas. Kaya naman nung sabihin ni Jesus, "Ako nga Siya, Ako nga Siya," alam nga niya 'yun.

<sup>157</sup> Minsan nasa isang bangka sa laot ang mga alagad, lahat ng pag-asa'y naglaho na. Yung bagyo, umalis kasi silang wala si Jesus, at 'yung bagyo'y sadyang—sadyang para bang ganun sa nangyari sa bahay ni Lazaro. Lahat ng pag-asa'y naglaho na. Yung munti't kaawa-awa nilang bangka'y bahang-baha na ng tubig. At sila'y nagsisigawan na roon at umiiyak, at marahil ay nananalangin at kung anu-ano nang ginagawa, at gumuguhit ang kidlat, at 'yung bangka'y pinasok na nang husto ng tubig, nagsitumbahan na 'yung mga poste nung layag, nangabali na 'yung mga sagwan, at nagkapit-kapit na lang sila sa isa't isa, nag-iiyakan.

<sup>158</sup> At sa napakatinding madilim na oras na 'yun, ay saka nga dumating doon si Jesus naglalakad. Pero Siya nga'y para bang anino sa kanila. Para bang nakakatakot Siya, parang multo, at nagsisigaw sila sa takot.

<sup>159</sup> Ganyan na ganyan nga ang problema sa panahon ngayon. Dumarating si Jesus sa oras ng inyong madilim na oras, at natatakot naman kayo Rito. Di n'yo alam kung ano Ito.

<sup>160</sup> Di nga nila alam kung ano Siya. Sabi nila, "Oh, isang multo!" Nagsisigawan sila.

<sup>161</sup> At pagkatapos ay tinawag Niya sila, sabi, "Huwag kayong mangatakot, Ako ito." Sa pinakamadilim na oras, dumating si Jesus, na kanilang Saklolo. Ganoon sa tuwina ang ginagawa Niya, dumarating sa pinakamadilim na oras. Saka dumating si Jesus at inihayag ang Kanyang Sarili, at dumating sa kanila.

Sabi ni Pedro, "Kung Ikaw nga 'yan, papariyanin Mo ako sa ibabaw ng tubig."

Sabi ni Jesus, "Halika."

<sup>162</sup> Alam n'yo po, mga kaibigan? Di magtatagal ay darating Siya para rito sa mga nasa huling mga araw na ito. Ngayon, hindi ba't parang kakaiba na humantong na namang muli ang iglesya sa madilim na oras na ito?

<sup>163</sup> May bagay akong sasabihin dito. Di po ito isang doktrina. Nagsasalita lamang ako rito ng propesiya. Alam n'yo ba kung anong mangyayari? Hahantong sa isang punto, di magtatagal, tandaan n'yo po itong sasabihin ko, lahat ng denominasyon ay

mapipilitang sumali sa Konsehong Ekumenikal. Kung di sila sasali, wala silang matatanggap na suporta ng Konseho. Kaya ang mangyayari'y, magkakaroon ng pamboboykot, at walang papayagang pumunta sa mga iglesyang ito, o pumunta sa ibang mga iglesya; maliban na mayroon ka nitong tatak na galing sa iglesya mo, di ka makakabili o makakapagbenta. Makikita n'yo nga na ganoon na ganoon ito kung paano ito noon, ganoon na ganoon ito uli, isang tanda para sa hayop. At ang iglesya, napagtatanto na nila ito, mga taong espirituwal.

<sup>164</sup> At kayong mga Pentecostal, kahit paano'y, napagtatanto n'yo na ito. Unti-unti n'yo na itong napapakiramdaman. Hayan nga't ang mga iglesya n'yo, marami sa mga organisasyon ng Pentecostal; at di ko na kailangang pangalanan pa kayo, pero hayan nga't napagtatanto n'yo na ngayon na sila'y—sila'y papunta na sa ganun. Nasasaksihan n'yo mismo na papunta na talaga sa ganun. At kapag nangyayari na 'yan sa inyo, ano ngang kailangan n'yo raw gawin? Pabibitawan nga sa inyo ang pang-Ebanghelyo n'yong katuruan tungkol sa bautismo ng Espiritu Santo. Pabibitawan sa inyo ang turo't aral n'yo ng Biblia.

<sup>165</sup> At di 'yan tatayuan ng mga miyembro. Mamamatay muna ang mga Cristianong tunay na naipanganak na muli, unang-una. Binabalaan nga sila ng Salita. Alam nilang paparating na ang bagay na ito. Siyanga, po.

<sup>166</sup> At hindi ba't para ngang kakaiba? At doon mismo sa pinakamadilim na oras na ito ngayon, saka dumarating si Jesus at tinatawag sila, ang sabi, "Huwag kayong mangatakot. Ako ito. Kasa-kasama pa rin ninyo Ako. Narito Ako upang ihayag ang Aking Salita." Kung paano Siya noon, ganoon pa rin Siya mapasa hanggang ngayon. Sinabi Niyang gagawin Niya. Oh, ang ganda! Dumarating ang Panginoon at tumatawag sa atin.

<sup>167</sup> Marami rito ngayon ang may sakit, di 'yan maikakaila, na nakaupo sila rito ngayon, at sinabihan na kayo ng doktor na wala—wala na kayong pag-asa. Marahil nasa pinakamadilim n'yo nang oras kayo, pero, tandaan n'yo, dumarating na ang Panginoon at tinatawag kayo.

<sup>168</sup> At darating ang araw, darating ang araw, darating ang Panginoon at tatawagin ang bawat pangalan na nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero. Kung wala pa roon ang pangalan n'yo, tiyakin n'yong mailalagay ito roon, dahil darating Siya't tatawag. Maging yaong mga nasa libingan ay maririnig ang Tinig Niya at babangong may Buhay. Darating ang Panginoon at tatawagin kayo. At habang nagtatawag Siya ngayon, kayo'y tumugon at maging handa na para sa Araw na 'yun, 'yan ang maipapayo ko sa inyo.

<sup>169</sup> Ang pangako para sa panahong ito, ipinangako Niyang paririto Siya. Ang mga bagay na ginawa Niya noon, gagawin

Niya 'yung muli, at ngayon muli ay dumating ang Panginoon at tumatawag sa inyo.

<sup>170</sup> Iyuko po natin ang ating mga ulo. May anim na pahina pa ako rito, pero di ko—di ko na ito matatalakay ngayon. Iyuko po natin ang ating mga ulo. Ipinangako kong palalabasin ko kayo nang maaga, at lampas kuwadrante-ora na.

<sup>171</sup> Makalangit na Ama, Oh Panginoon, Iyong papangyarihin itong muli. Lahat ng mga bagay na ito na sinasabi ko, “Si Jesus ay dumarating at tumatawag sa iyo.” Anong gagawin Niya sa Kanyang pagdating? Tatawag Siya. At Iyo pong papangyarihin itong muli, Panginoon. Iyo pong itulot na ang Iyong Espiritu Santo ay dumating sa kalagitnaan ng mga tao ngayong gabi, ang Panginoong Jesus sa anyo ng—ng Espiritu. Iyong itulot Siyang dumating ngayong gabi at ihayag ang Kanyang Sarili, at pagkatapos ay ipakilala ang Kanyang Sarili. Katulad nung mga taong 'yun noon, kung paano silang nanampalataya, kami nga rin ay mananampalataya, siyanga, Panginoon. Marami sa mga narito po, marahil, ay di sila nabibigyan ng ganitong pagkakataon. Dumadalangin kami na Iyo pong ipagkakaloob ito sa kanila muli sa gabing ito. Sapagkat hinihiling namin ito sa ikaluluwalhati ng Diyos, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>172</sup> Ganyan nga, kapatid na babae, sige po at ituloy mo lang 'yan. Mainam 'yan. Ituloy mo lang. Oh, lubos pong tumaimtim, ang lahat.

<sup>173</sup> Nananampalataya ba kayong dumating na Siya? Siya nga. Siya pa rin ba'y tumatawag sa tuwing dumarating Siya? Ngayon kung makasampalataya lamang kayo. Kung makasampalataya lamang kayo sa Salita ng Diyos, ito nga'y ipagkakaloob ng Diyos.

<sup>174</sup> Ngayon tingnan n'yo po, wala na akong oras para tumawag pa ng pila para sa pananalangin. Tatawagin ko na lang sila ngayong gabi, ang mga nariyan, kung loloobin ng Panginoon. Dumating na ang Panginoon. Dumating Siya upang tupdin ang Salita Niya sa huling panahon. At kung ano nga Siya noon, ay ganoon pa rin Siya ngayon. Kung ano ang pagkakahayag Niya o pagkakakilalan noon, ganoon pa rin ito ngayon, dahil Siya pa rin ay nananatiling Salita ng Diyos. Sinasampalatayanan n'yo po ba ito? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] At ang Salita ng Diyos ay Kumikilala ng mga pag-iisip, mga haka ng puso. At kung paanong ginawa Niya ito noon, ay ganoon na ganoon din Niya ito ginagawa mula noon. Siya ay nanatiling ganoon pa rin. Kaya kung gagawin Niya ito ngayon, sasampalatayanan n'yo ba Siya? Magbubunsod ba ito na sampalatayanan n'yo Siya?

<sup>175</sup> Kayo po na mga nariyan ngayon, hayaan n'yong tumingin muna ako sa inyo at tingnan kung may kakilala ako rian, na nakaupo saanmang dako rito, na kakilala ko.

176 Lahat po ng narito, sa dako *rito*, na hindi ako kilala, itaas n'yo po ang inyong mga kamay; alam n'yo ngang wala akong anumang nalalaman tungkol sa inyo, at kayo'y may sakit, itaas n'yo lang ang inyong mga kamay. Sa palagay ko'y, lahat. Sige, ngayon, manampalataya kayo. Manampalataya lang kayo nang buong puso n'yo. Huwag mag-alinlangan. Manampalataya. Sampalatayanan n'yo ang Diyos.

177 Hinihiling ko po sa inyo na maging lubos na mataimtim, magsiupo. Huwag po kayong lilikha ng ingay, pakiusap po. Kita n'yo? Kita n'yo? Kayo nga ay—ay kaluluwa, katawan, at espiritu. At ang espiritu n'yo. . . At ang Espiritu Santo'y sadya ngang napaka sensitibo.

178 Ilan po rito ang nakakaalala nun, maraming taon na ang nakalipas, na ang Espiritu Santo, noong naparito ako at sinabi ko 'yun sa inyo? Nung hinahawakan ko sa kamay ang mga tao, nagsalita Siya sa akin na darating ang pagkilalang ito, at saka magpapatuloy? Naaalala n'yo pa po ba, naaalala pa 'yun? Pero nagsabi rin Siya, “Kung magagawa mong mapaniwala mo sa iyo ang mga tao.” Naaalala n'yo pa ba 'yung mga araw na 'yun, maraming taon na ang nakalipas? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kinakailangan n'yo ngang sumampalataya.

179 May nakita po akong isang lalaki, sa pakiwari ko'y dun po 'yun sa ibang pagtitipon, nakaupo sa puwestong 'yan. At ang Espiritu Santo. . . Tinitingnan-tingnan ko nga 'yung naturang lalaki habang nangangaral ako. Isa siyang lalaking pilay. May mga saklay siya sa ilalim ng kanyang mga braso. At nung nag-umpisa na akong magtawag, naparoon si Satanas sa lalaking 'yun, isang maitim na anino. At kitang-kita ko po 'yun nang mismong mga mata ko. Tumindig 'yung lalaki't lumabas. Yung lalaking 'yun ay mananatiling pilay na lagi, kita n'yo. At kaya, 'yung lalaki, dun sana'y pinagaling na sana siya kung siya lang—siya lang ay. . . Kita n'yo? Pero, haya't, di ko alam kung bakit. Sa palagay ko'y sadyang nakinig lang talaga siya sa kaaway. Pero kung tatayo lang kayo at makikita n'yo ang mga aninong 'yun, makikita 'yung mga bagay na 'yun sa ganoong mga anyo, na ganoon ang itsura, at mamatyagan ang mga 'yun kung papaano sila kumikilos. Kita n'yo, talaga ngang. . .

180 Ngayon, di ko po kayang magpagaling. Kapag may isang tao na magsasabi sa inyo na kaya raw niya kayong pagalingin, nagkakamali siya. Pinagaling na kayo. Pero, 'yung makilala ang Presensya ni Jesus Cristo. Ngayon kung si Marta nga'y may pagkakaalam na kung makikita lamang niya Siyang muli, ay matatamo nga niya ang kanyang inaasam, dahil Siya ang Salita na nahayag, hindi rin ba tayo makasampalataya nang tulad din nung kalaki sa gabing ito, na sampalatayanan ito? Tunay, dapat tayong makasampalataya nang tulad nun. Dumating na Siya. Dumating na Siya, dumating na Siya sa anyo ng

Espiritu Santo. Iyon Nga Siya ngayon. Ngayon manalangin po lamang kayo.

<sup>181</sup> Tingnan n'yo po, dito sa itaas, kung may patatayuin ako rito, sa tabi ko po mismo, na sadyang—sadyang mananalangin; marami akong nakikitang nananalangin, nasa lahat ng dako ng gusali. Magmatyag po lamang kayo. Di n'yo puwedeng sabihin, “Salitain mo, Kapatid na Branham . . .” Hindi, po. Di ko—di ko magagawa 'yung ganun, walang iniwan 'yun sa pipilitin n'yong managinip ako ng isang panaginip. Kita n'yo? Kayo marahil makakapanaginip. Kayo nga'y, itutulot ng Diyos na managinip ng panaginip tungkol sa akin, maniniwala kayo roon, pero di n'yo puwedeng ipilit 'yun sa ganang inyo. Di n'yo puwedeng sabihin, na, “Kapatid na Branham, managinip ako ng isang panaginip tungkol sa iyo ngayon.” Hindi, hindi n'yo magagawa 'yun. Maging ako man ay di ko kayang makakita ng pangitain sa sarili ko. Kung sinuman 'yan na nagbibigay ng panaginip sa inyo, 'yun din ang kailangang gumawa nito. Ganoon din ito sa pangitain.

<sup>182</sup> May nakikita ako ritong isang lalaki na nakaupo rito mismo sa dulo ng hanay, na may arthritis. Kung sasampalataya siya nang buong puso niya, ay pagagalangin siya ng Diyos sa arthritis na 'yan. Sumasampalataya ka bang gagawin Niya 'yun, ginoo? Ikaw po na nakaupo riyon, 'yung Mehikanong lalaki, na nakaupo sa dulo ng hanay, sasampalatayanan mo ba ito? Sige, ginoo.

<sup>183</sup> Yung binibining nakaupo kasunod mo, mayroon nga siyang arthritis, din. Sumasampalataya ka bang pagagalangin ka ng Diyos, binibini? (Umaalingawngaw po yata *ito*? Hinala ko di ito naririnig ng mga tao.) Sasampalataya ka? Sige.

<sup>184</sup> Paano naman 'yung isa pang munting binibining Mehikana na nakaupo sa tabi niya? Siya nga'y pinahihirapan ng sakit sa tiyan. Nanampalataya ka bang pagagalangin ng Diyos ang tiyan mo, binibini?

<sup>185</sup> Natamo niya. Nung makita kong bumaba 'yung Liwanag na 'yun, ibig sabihin nun nangyari nga 'yun. Oo. Ganoon nga. Tumama Ito sa kanya. Hayun nga Ito, umiikot-ikot dun . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . tapos na. Kita n'yo? Kapag makasusumpong Siya ng nanampalataya! Kita n'yo, “Hindi Siya makagawa ng maraming bagay dahil sa kawalan nila ng panampalataya.”

<sup>186</sup> Heto ang isang binibining nakaupo rito nananalangin, dito sa gawi rito. Natatakot siya. Dapat nga siyang matakot. Kanser ang taning sa kanya, talagang napakalubha. Hindi kita kilala, pero nakikilala ka ng Diyos. Sumasampalataya ka bang kayang sabihin sa akin ng Diyos ang tungkol sa kanser na ito, o iba pang mga bagay? Tumingin ka sa akin. Napakarami rito ang nananalangin, tingnan n'yo po, sa kanila ko nga ito sinasabi. Tingnan n'yo po kami. Ngayon, siyanga, hindi ka po taga-rito,

hindi rito ang tahanan mo. Ikaw ay galing pa ng ibang lugar na tinatawag na Porterville, California. Tama. Nananampalataya ka bang kayang sabihin ng Diyos sa akin kung sino ka? Alam nga Niya. Ang pangalan mo ay Gng. Wintham. Tama. Ngayon manampalataya ka, at lilisanin ka ng kanser. “Kung kaya mong manampalataya!” Yun lang naman ang hinihiling ng Diyos na gawin mo. “Kung kaya mong manampalataya!”

<sup>187</sup> Hindi ba’t sinasampalatayanan n’yo na ito ngayon nang buong puso n’yo? Mayroong isa sa banda *rito*, kaya mo bang manampalataya? Dumating na ang Panginoon at tumatawag sa inyo. Tinatawag niya kayo mula sa kamatayan patungo sa Buhay, mula karamdaman patungo sa kalusugan.

<sup>188</sup> May isang lalaki nga rito na nakaupo sa bandang likod dito, nakayuko ang ulo, nananalangin. Hindi nga para sa kanya ang ipinapanalangin niya, nananalangin siya para sa iba. Para sa isang—isang batang babae. Sa anak niya. Sumasampalataya ka ba, ginoo? May problema ka sa iyong binti. May problema ka sa iyong tuhod. Tama. Di mo na kailangan pang umiyak, nariyan Siya mismo sa tabi mo. Nasa ospital naman ang anak mong babae, hindi ba? May tuberculosis. Manampalataya ka. Sumasampalataya ka ba? Dumating na ang Panginoon at tinatawag na siya. Makasampalataya ka ba, bilang tatay niya? Sasampalataya ka? Nawa’y dalawin Niya siya ngayong gabi, at maging ikaw. Nawa’y matapos na ito.

<sup>189</sup> Heto rin naman ang isang batang lalaki, na may pagkay-manggi. Pinahihirapan siya ng isang sakit sa balat, at hika, ito pong munting batang Mehikano, batang Mehikanong nakaupo rito. Hindi siya taga-rito. Taga-San Jose siya. Nananampalataya ka ba, iho? Isa pa, narito rin ang iyong tatay kasama mo. Isa siyang ministro. Tama. Nananiwala ka bang kayang sabihin ng Diyos sa akin kung anong pangalan mo? Mapapalakas ba nito nang husto ang pananampalataya mo? Ang pangalan mo ay Reuben. Ngayon manampalataya ka. Umhum. Pagagalingin ka ng Diyos.

<sup>190</sup> Naparito na ang Panginoon at tumatawag Siya sa iyo. Oh, makasalan, oh, taong may sakit, hindi mo ba nakikita na ang Panginoon ay nahayag sa mga tao, sa kalagitnaan ng mga mananampalataya? Naparito Siya upang tawagin patungo sa kalusugan ang mga anak Niyang sumasampalataya. Naparito Siya upang tawagin ang makasalanang patungo sa pagsisisi. Mga taong tumalikod sa pananampalataya, mga taong kaanib ng iglesia, naparito na ang Panginoon at tumatawag sa inyo.

<sup>191</sup> Sinasampalatayanan mo ba ito? Sinasampalatayanan mo ba ito para sa iyong pangangailangan ngayon? Kung ikaw nga, itaas mo ang iyong kamay, sabihin mo, “Nananampalataya ako para sa pangangailangan ko.” Pagkatapos tumayo ka sa iyong mga paa ngayon at tanggapin ito. Dumating na ang Panginoon

at tinatawag ka niya. At kahit sino ka pa man, anuman 'yang pangangailangan mo, naparito ang Panginoon at tinatawag ka Niya. Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

<sup>192</sup> Yaong munting babaing 'yun siya'y naparoon sa bayan, at nagsabi, "Magsiparito kayo, tingnan n'yo ang isang Lalaking nagsabi sa akin kung anong problema." Hindi kayo naparoon sa bayan. Pumunta kayo at nakita 'yun, mismo, hayan nga't naparito ang Panginoon at tumatawag sa inyo.

<sup>193</sup> Itaas n'yo ang inyong mga kamay at purihin Siya, at sabihin, "Panginoong Jesus, isa akong makasalanan; patawarin Mo ako. Isa akong tumalikod sa pananampalataya; ibalik Mo ako, Panginoon. Kailangan ko ang Espiritu Santo; punuin Mo ako. Ako'y may sakit; pagalingin Mo ako. Ako'y baldado; paigihin Mo ako." Naparito ang Panginoon at tinatawag kayo. Itaas n'yo ang inyong mga kamay ngayon at papurihan Siya. Amen.

<sup>194</sup> (Bigyan mo kami ng kaunting tipa, "I will praise Him, I will praise Him." Alam mo? *I Will Praise Him*. Alam mo, hindi ba?)

Sumasampalataya ba kayo?

I will praise Him, I will praise Him,  
Oh, praise the Lamb for sinners slain;  
Give Him glory, all ye people,  
For His Blood has washed away each stain.

<sup>195</sup> Iniibig n'yo ba Siya? Ngayon hindi ba't gustong-gusto n'yong umawit-awit sa Kanya habang narito Siya? Siya ang Espiritung 'yan na kumikilos sa palibot ng buong gusaling ito. Talos Niya ang mga puso n'yo, talos ang lahat ng tungkol sa inyo. Awitin natin ito para sa Kanya, nang buong puso natin.

I will praise Him, (itaas n'yo po ang inyong mga kamay habang ginagawa n'yo ito), I . . . (sige po't purihin n'yo lang Siya) . . . praise Him,  
Oh, praise the Lamb for sinner slain;  
Oh, give Him glory, all ye people,  
For His Blood has washed away each stain.

<sup>196</sup> Oh, binibini, ikaw na nariyan sa silyang de gulong, kung mananampalataya ka lamang nang kaunti pa mismo. "I . . ." Subukan pa natin ito minsan pa. May bagay akong hinihintay.

I will praise Him, I will praise Him,  
Oh, praise the Lamb for sinners slain;  
Give Him glory, all ye people,  
For His Blood has washed away each stain.

<sup>197</sup> Ngayon habang inaawit natin ito muli, bumaling po kayo, kamayan n'yo ang sinuman diyan, habang inaawit natin ito, umaawit ng, "I'll praise Him." Sige po, sabay-sabay po tayo ngayon.



I will praise Him, I will praise Him,  
 Praise the Lamb for sinners slain;  
 Give Him glory, all ye people,  
 For His Blood has washed away each stain.

<sup>198</sup> Oh, kaibigang makasalanan, maaari bang lumapit ka rito ngayon? Pumarito ka't papurihan Siya, kayong lahat na narito. Kayong lahat na narito na nagnanais na ipahayag Siya bilang Tagapagligtas. Sa Kanyang Presensya, habang ang mga banal ay sumasamba sa Espiritu, maaari bang pumarito ka't tumayo? Sabihin, "Nais kong magpatotoo, ngayong gabi. Nais kong papurihan Siya. Nais kong lumapit. Hinding-hindi ko Siya ikakahiya. Nais kong malaman ng mundo na tinatanggap ko Siya bilang Tagapagligtas ko, dito mismo sa dakong ito habang Siya'y narito mismo ngayon." Pumarito kayo habang umaawit tayo.

I will praise Him, (maaari ba kayong lumapit?)  
 I will praise Him,  
 Oh, praise the Lamb for sinners slain;  
 Oh, give Him glory all ye people,  
 For His Blood has washed away each stain.

<sup>199</sup> Oh, ganyan nga, binibini, pumarito lamang kayo. Sino pa po ang nais lumapit, sa Presensya ni Cristo? Pumarito lang po kayo, kapatid na babae, tumayo ka rito.

<sup>200</sup> May iba pa siguro rito ang nagnanais na Siya'y maging Tagapagligtas n'yo, sa mismong sandaling ito, na di nahihiya. Sabi Niya, "Kung ikahihiya ninyo Ako sa harapan ng tao, ikahihiya Ko kayo sa harapan ng Aking Ama at ng mga banal na Anghel." Kung di n'yo Siya ikinahihiya ngayon, at nais n'yo Siyang maging Tagapagligtas n'yo, habang narito Siya! Inyo nang nakita Siya. Ganap na ganap Ito, na ang Salita Mismo'y ipinakilala Ito. Pumarito po kayo habang sumasamba ang mga banal ngayon. Maaari po ba kayong pumarito?

<sup>201</sup> Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Hetong papalapit ang isang matandang ginang, talagang umabot na sa katandaan. Maaari ba kayong lumapit ngayon?

I will. . . (umawit lang) . . . I will praise. . .

<sup>202</sup> Tama 'yan, mga kabataan, lumapit lang kayo. Sige't magpuri. Pagpalain ka ng Diyos, binibini, ganyan nga. Pagpalain kayo ng Diyos, mga kabataan.

. . . sinners slain;  
 Give Him glory, all ye people,  
 For His Blood has washed away each stain.

<sup>203</sup> Habang papunta ang mga ministro sa mga taong ito ngayon siguro'y may ilan pa riyang nais lumapit dito? Nagsitalikod sa pananampalataya, maaari ka bang lumapit, sabihin, "Aking ikinahihiya ang buhay ko"? Narito Siya. Pinaniniwalaan n'yo

bang lingkod ako ng Diyos? Itaas n'yo ang inyong kamay. Aba, si Jesus Cristo ay nasa piling natin. Maaari ba kayong lumapit?

Give Him glory . . . (Maaari ba kayong lumapit,  
luwalhatiin Siya?) . . . people,  
For His Blood has washed away . . .

<sup>204</sup> Marta, paririto ka ba, o mananatili ka lang diyan sa bahay kasama ni Maria? Mananatili ka na lang ba ryan sa isang organisasyon, at sasabihin, “Oh, di kasi ganito ang paniniwala ng iglesya ko Rito,” samantalang nahayag na ngayon si Cristo? Mananatili ka na lang ba ryan at sasabihin 'yun, o lababas ka? “Buweno, sasabihin ko sa iyo, kapag ako . . .” Hindi. Dapat ngayon na, ngayon na ang oras. Umaali-aligid ang kamatayan sa iyo, kagaya nun doon sa anak na babae ni Jairo.

<sup>205</sup> Lumapit ka na ngayon! Nagsitalikod sa pananampalataya, lumapit ka na. Makasalanan, lumapit ka na. Ito na ang oras. Dumating na ang Panginoon at tumatawag sa iyo. Tinatawag ka na Niya. Sasabihin mo, “Paano ko malalaman?” Ginagamit Niya ang tinig ko. Kung ginagamit Niya ang tinig ko para sabihin ang sakit, mga karamdaman at bagay-bagay, hindi ba't mapaghahalata n'yo rin naman na tumatawag din naman Siya para sa kasalanan? Lumabas ka! Lumapit ka na ngayon, baka ito na ang huling pagkakataon na magkakaroon ka.

<sup>206</sup> Muli, mas marami pa dapat ang lumalapit dito ngayon, mga kaibigan. Di ko naman hangad na mapahiya kayo, sa pagtawag ko sa inyo rito nang ganito. Di 'yun ganun. Marahil para bang kayo . . . Yung mga Fariseo nga roon iniisip nilang ligtas sila, pero di naman sila ligtas. Ganoon din marahil ang iniisip n'yo. Pumarito na kayo ngayon.

<sup>207</sup> Tiyakin n'yo! Huwag, huwag kayong magbaka-sakali sa bagay na ito. Kung may kaunting pagdududa sa inyong isip, huwag kayong makipagsapalaran. Pumarito na kayo ngayon. Ngayon na ang panahon, ngayon habang bukas pa ang Bukal, habang narito pa ang Espiritu Santo. Naparito ang Panginoon. Yang mumunting pag-aalinlangan na 'yan, 'yan ang sinisikap Niyang sabihin sa inyo, “Nag-aalinlangan ka.” Isuko mo na. Lumapit ka na, ngayon. Pumarito ang Panginoon at tumatawag sa iyo. Siyanga, sige po lumapit lang nang lumapit, lumapit lang nang lumapit.

I will praise Him, I will praise Him, (Maaari ba  
kayong lumapit at papurihan Siya?)  
Praise the Lamb for sinners slain;  
Give Him glory, all ye people,  
For His Blood has washed away each stain.

<sup>208</sup> Ngayon habang lumalapit dito ang mga makasalanan, para tanggapin Siya; ang mga tao nga'y papurihan n'yo lang Siya, habang inaawit natin ito ngayon. Itaas n'yo ang inyong mga

kamay, umawit kayo upang papurihan Siya, ngayon, sabay-sabay tayo.

I will praise Him, I will praise Him,  
Praise the Lamb for sinners slain!

<sup>209</sup> Papurihan n'yo lamang Siya! Kayo po sa buong paligid dito, manalangin kayo, hilingin n'yo sa Kanya na patawarin kayo. Yan nga ang gagawin Niya. Dumating na ang Panginoon at tumatawag sa inyo. Pagpalain kayo ng Diyos.



*SAKA DUMATING SI JESUS AT TUMAWAG* TAG64-0213

(Then Jesus Came And Called)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Huwebes ng gabi, Pebrero 13, 1964, sa Elliott Auditorium sa Tulare, California, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)